



Handbook para sa Miyembro tungkol sa Kalusugan ng Pag-uugali

**Mga Serbisyon Espesyalisado kaugnay
ng Kalusugang Pangkaisipan
(Specialty Mental Health Services) at
Drug Medi-Cal Organized Delivery
System**

**3255 Camino del Rio S,
San Diego, CA 92108**

24/7 Access and Crisis Line: (888) 724-7240

**[https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs
/bhs/bhs_services.html](https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html)**

Petsa ng Pagiging Epektibo: Pebrero 1, 2026¹

¹ Dapat maibigay ang handbook sa oras na unang mag-akses ng mga serbisyo ang miyembro.
Member Handbook Rev. Feb 2026_Tagalog

PAUNAWA NG AVAILABILITY NG MGA SERBISYO SA TULONG SA WIKA AT MGA PANTULONG AT SERBISYO

English

ATTENTION: If you need help in your language call (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). These services are free of charge.

العربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ (888) 724-724 (TTY: 1-800-855-7100). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ (888) 724-724 (TTY: 1-800-855-7100). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված կյութեր: Չանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) ។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) ។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

繁體中文 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100)。这些服务都是免费的。

فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (888) 724-724 (TTY: 1-800-855-7100) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با (888) 724-724 (TTY: 1-800-855-7100) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) पर कॉल करें। ये सेवाएं निः शुल्क हैं।

Hmoob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。(888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນລົບການເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິຕິເລິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7200). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7200). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog (Filipino)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Libre ang mga serbisyong ito.

ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) น

นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Українська (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Ці послуги безкоштовні.

Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số (888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100). Các dịch vụ này đều miễn phí.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

IBA PANG MGA WIKA AT FORMAT	6
IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY.....	8
LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO.....	10
IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI	12
PAG-AKSES NG MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI.....	16
PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB	26
ANG IYONG KARAPATANG MAAKSES ANG MGA REKORD KAUGNAY NG KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON HINGGIL SA DIREKTORYO NG MGA TAGAPAGKALOOB GAMIT ANG MGA SMART DEVICE	29
SINASAKLAW NG MGA SERBISYO.....	30
MGA SERBISYONG MAKUKUHA SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO O TELEHEALTH	59
ANG PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA: PAGHAIN NG HINAING, PAG-APELA, O PAGHILING NG ISANG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO ..	60
PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE).....	74
MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN	76
ABISO HINGGIL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON	88
ABISO HINGGIL SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO.....	93
MGA SALITANG DAPAT MALAMAN.....	95
KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY.....	107

IBA PANG MGA WIKA AT FORMAT

Iba pang mga wika

Kung kailangan mo ng tulong gamit ang iyong wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, gaya ng mga dokumentong naka-braille at may malalaking letra. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

Iba pang mga format

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga format, gaya ng braille, malalaking letra na may 20-point font, audio, at mga naaakses na elektronikong format nang wala kang babayaran. Tawagan ang numero ng telepono ng county na nakalista sa cover ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

Mga Serbisyo ng Interpreter

Ang county ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika nang pasalita sa tulong ng isang kwalipikadong interpreter, sa loob ng 24 na oras, nang wala kang babayaran. Hindi mo kailangan ng kapamilya o kaibigan para magsilbing interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban na lang kung ito ay isang emerhensiya. Maaari ding magbigay ang county ng mga tulong at serbisyo para sa epektibong komunikasyon sa isang kapamilya, kaibigan, o sinumang nararapat na makausap bilang kinatawan mo. Mayroong makukuhang mga serbisyo ng interpreter, serbisyong panlingguwistika at pangkultura nang wala kang babayaran. May makukuhang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makakuha ng

handbook na ito sa ibang wika, tawagan ang numero ng telepono ng county na nakalista sa cover ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA COUNTY

Nandito kami para tumulong. Makatutulong sa iyo ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa county para makakuha ng mga serbisyong kailangan mo.

San Diego 24/7 Access and Crisis Line

(888) 724-7240 (TTY: 1-800-855-7100)

Matatawagan nang libre ang numerong ito 24 na oras, 7 araw sa isang linggo at may mga tagapayo na maaaring sumagot sa iyong mga katanungan at magbigay ng mga referral para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak (substance use disorder).

Website ng County ng San Diego kaugnay ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali

<https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs.html>

Naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo at kung paano makakakuha ng pangangalaga.

Direktoryo ng mga Tagapagkaloob sa County ng San Diego

<https://sdcountybhs.com/ProviderDirectory>

Isang nasasaliksik na direktoryo na naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga tagapagkaloob, mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyon para matulungan kang makakuha ng pangangalaga.

Mga Mapagkukunan ng Edukasyon ng mga Miyembro para sa Pag-akses sa Iyong mga Rekord kaugnay ng Kalusugan ng Pag-uugali

Ilalabas ang Patient Access API sa darating na Taong Panuusan 2025-2026. Ang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng pag-akses sa iyong mga rekord kaugnay ng kalusugan ng pag-uugali ay makikita sa

<https://www.calmhsa.org/interoperability-api/>

Paano Maghain ng Hinaing o Apela sa Elektronikong Paraan

Mangyaring puntahan ang isa sa mga link sa ibaba:

- **Mga Serbisyon Pang-inpatient at/o Pang-residensiyal na Pasilidad**
Jewish Family Service of San Diego
https://secure.jfssd.org/site/SPageServer?pagename=contact_patient_advocacy
- **Mga Serbisyon Pang-outpatient**
Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
<https://www.lassd.org/mental-health-and-substance-abuse-patients-rights/>

Sino ang Dapat Kong Kontakin kung Sumasagi sa Aking Isipan ang Pagpapatiwakal?

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nakararanas ng krisis, mangyaring tawagan ang 988 Suicide and Crisis Lifeline sa **988** o ang National Suicide Prevention Lifeline sa **1-800-273-TALK (8255)**. Maaaring makipag-chat sa pamamagitan ng pagpunta sa <https://988lifeline.org/>.

Para maakses ang iyong mga lokal na programa, mangyaring tumawag sa 24/7 Access and Crisis Line na nakalista sa itaas.

LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?

Ang iyong county ay may plano hinggil sa kalusugang pangkaisipan na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan na kilala bilang “mga serbisyong espesyalisado sa pangkaisipang kalusugan (special mental health services).” Bukod pa rito, ang iyong county ay may Drug Medi-Cal Organized Delivery System na nagbibigay ng mga serbisyo kaugnay ng paggamit ng alak o droga, na kilala bilang “mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak (substance use disorder services).” Sama-sama, ang mga serbisyong ito ay kilala bilang “mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health services),” at mahalagang mayroon kang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito upang makakuha ka ng pangangalagang kailangan mo. Ipinapaliwanag sa handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakakuha ng pangangalaga. Masasagot din dito ang marami sa iyong mga katanungan.

Malalaman mo:

- Kung paano makatanggap mula sa iyong county ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Kung anong mga benepisyo ang maaari mong makuha.
- Kung ano ang gagawin kung mayroon kang katanungan o problema.
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng inyong county.
- Kung mayroong karagdagang impormasyon tungkol sa iyong county, na maaaring nakasaad sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo babasahin ngayon ang handbook na ito, dapat mong itabi ito para mabasa mo sa susunod na pagkakataon. Ang aklat na ito ay nilalayong gamitin kasama ng aklat na iyong natanggap noong nagpatala ka para sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, tumawag sa county gamit ang numero ng telepono na nasa unahan ng aklat na ito.

Saan Ako Maaaring Pumunta para sa Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?

Bisitahin ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx> para sa higit pang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Malalaman Kung Ikaw o ang Isang Kakilala Mo ay Nangangailangan ng Tulong?

Maraming tao ang dumaraan sa mga pagsubok sa buhay at maaaring makaranas ng mga kondisyong may kaugnayan sa kalusugang pangkaisipan o pagkagumon sa droga o alak. Ang pinakamahalagang dapat tandaan ay mayroong makukuhang tulong. Kung ikaw o ang iyong kapamilya ay kwalipikado para sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, dapat mong tawagan ang 24/7 Access Line na nakalista sa cover ng handbook na ito. Maaari ka ring matulungan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga (managed care plan) na makipag-ugnayan sa iyong county kung sa palagay nila na kailangan mo o ng iyong kapamilya ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng tagapagkaloob ng mga serbisyong maaaring kailangan mo.

Ang listahan sa ibaba ay makatutulong sa iyong magpasya kung kailangan mo o ng iyong kapamilya ng tulong. Kung higit sa isang senyales ang nakikita o nangyayari sa loob ng mahabang panahon, maaaring isa itong palatandaan ng isang mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang senyales na maaaring kailanganin mo ng tulong sa isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan o kondisyon sa pagkagumon sa droga o alak:

Mga Iniisip at Pakiramdam

- Matinding pagbabago sa mood, na maaaring walang dahilan, gaya ng:
 - Sobrang pag-aalala, pagkabalisa, o takot
 - Sobrang lungkot o matamlay
 - Sobrang saya, labis na kasiyahan
 - Sumpungin o nananatiling galit sa loob ng mahabang panahon
- Nag-iisip tungkol sa pagpapatiwakal
- Nakatuon lamang sa pagkuha at pag-inom ng alak o paggamit ng droga
- Mga problema sa pagpokus, memorya, o lohikal na pag-iisip at pagsasalita na

mahirap ipaliwanag

- Mga problema sa pakikinig, pagkakita, o pakiramdam sa mga bagay na mahirap ipaliwanag o sinasabi ng karamihan na hindi naman totoo o hindi umiiral

Pisikal

- Maraming pisikal na problema, na posibleng walang malinaw na sanhi, gaya ng:
 - Mga pananakit ng ulo
 - Mga pananakit ng tiyan
 - Sobrang pagtulog o kulang sa tulog
 - Sobrang pagkain o kulang sa pagkain
 - Hindi makapagsalita nang malinaw
- Pagpapabaya sa itsura o labis na pagtuon sa itsura, gaya ng:
 - Biglaang pagbaba o pagtaas ng timbang
 - Namumulang mga mata at hindi karaniwang paglaki ng balintataw (pupils)
 - Kakaibang amoy ng hininga, katawan, o kasuotan

Pag-uugali

- Pagkakaroon ng mga epekto dulot ng iyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugang pangkaisipan o pag-inom ng alak o paggamit ng droga, gaya ng:
 - Pagkakaroon ng mga isyu sa trabaho o paaralan
 - Mga problema sa relasyon sa ibang tao, pamilya, o mga kaibigan
 - Pagkalimot sa iyong mga pananagutan
 - Hindi makagawa ng mga karaniwang pang-araw-araw na aktibidad
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, o mga pakikihalubilo
- Pagkakaroon ng malihim na kilos o lihim na pangangailangan ng pera
- Pagkakasangkot sa kasong may kaugnayan sa sistema ng batas dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugang pangkaisipan o pag-inom ng alak o paggamit ng droga

Mga Miyembrong Wala Pang 21 Taong Gulang

Paano Ko Malalaman Kung ang isang Bata o Tao na Wala Pang 21 Taong Gulang ay Nangangailangan ng Tulong?

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong county o plano sa pinamamahalaang pangangalaga para sa isang pagsusuri at pagtatasa sa iyong batang o tinedyer na anak kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga senyales ng isang kondisyon sa

kalusugan ng pag-uugali. Kung ang iyong batang o tinedyer na anak ay kwalipikado para sa Medi-Cal at nakikita sa pagsusuri o pagtatasa na kailangan ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, pangangasiwaan ng county na makatanggap ang iyong batang o tinedyer na anak ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Matutulungan ka rin ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga na makipag-ugnayan sa iyong county kung sa palagay nila ay kailangan ng iyong batang o tinedyer na anak ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na hindi sakop ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong nakalaan para sa mga magulang na nakararamdam ng stress sa pagiging magulang.

Ang mga menor de edad na 12 taong gulang pataas ay maaaring hindi na mangailangan ng pahintulot ng magulang para makatanggap ng pang-outpatient na paggamot sa kalusugang pangkaisipan o pagpapayo kung sa palagay ng lisensiyadong propesyonal na tumitingin sa kanila (attending professional person) na ang menor de edad ay nasa hustong gulang na upang lumahok sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga menor de edad na 12 taong gulang pataas ay maaaring hindi na mangailangan ng pahintulot ng magulang para makatanggap ng pangangalagang medikal at pagpapayo upang gamutin ang isang problemang may kaugnayan sa pagkagumon sa droga o alak. Kinakailangan ang paglahok ng magulang o tagapangalaga maliban na lang kung matukoy ng lisensiyadong propesyonal na tumitingin sa menor de edad (attending professional person) na ang kanilang paglahok ay hindi naaangkop matapos makausap ang menor de edad.

Ang listahan sa ibaba ay makatutulong sa iyo na magpasya kung kailangan ng tulong ng iyong batang o tinedyer na anak. Kung higit sa isang senyales ang nakikita o nagpapatuloy sa loob ng mahabang panahon, maaaring may mas matinding problema ang iyong batang o tinedyer na anak na nangangailangan ng propesyonal na tulong.

Narito ang ilang palatandaang dapat bantayan:

- Labis na nahihirapang makinig o manatiling nakapirme, na naglalagay sa kanila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan
- Matinding pag-aalala o takot na nakasasagabal sa pang-araw-araw na gawain
- Biglaang matinding takot nang walang dahilan, na kung minsan ay may kasamang mabilis na pagtibok ng puso o mabilis na paghinga

- Nakararamdam ng matinding lungkot o lumalayo sa iba sa loob ng dalawang linggo o higit pa, na nagdudulot ng mga problema sa pang-araw-araw na gawain
- Matinding pagbabago ng mood na nagiging sanhi ng mga problema sa mga relasyon
- Mga malalaking pagbabago sa pag-uugali
- Hindi kumakain, nagsusuka, o gumagamit ng gamot para magbawas ng timbang
- Paulit-ulit na pag-inom ng alak o paggamit ng droga
- Malubha at hindi makontrol na pag-uugali na maaaring makasakit sa sarili o sa iba
- Seryosong mga plano o pagtatangkang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pakikipag-away, paggamit ng sandata, o seryosong plano na manakit ng ibang tao

PAG-AKSES NG MGA SERBISYO PARA SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Ako Makakakuha ng mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali gaya ng mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan at/o mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak, maaari mong tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa cover ng handbook na ito. Kapag nakipag-ugnayan ka sa county, sasailalim ka sa isang pagsusuri at bibigyan ng iskedylul ng appointment para sa isang pagtatasa.

Maaari ka ring humiling ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga kung ikaw ay isang miyembro. Kung matukoy ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga na nakaaabot ka sa mga pamantayan sa pag-akses ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, tutulungan ka ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga na makakuha ng pagtatasa upang makatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Sa madaling salita, walang maling mapupuntahan para sa pagkuha ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari ka pang makatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga bukod pa sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Maaari kang makakuha ng mga serbisyonang ito sa pamamagitan ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali kung matukoy ng iyong tagapagkaloob na ang mga serbisyo ay medikal na naaangkop para sa iyo at hanggang ang mga serbisyonang iyon ay magkakatugma at hindi nauulit.

Bukod pa rito, tandaan ang mga sumusunod:

- Maaari kang irekomenda sa iyong county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang iyong general practitioner/doktor, paaralan, isang kapamilya, tagapangalaga, iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga, o iba pang mga ahensiya ng county. Kadalasan, kakailanganin ng iyong doktor o ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga ang iyong pahintulot o permiso ng magulang o tagapag-alaga ng bata, upang direktang maisagawa ang referral sa county, maliban na lang kung

may emerhensiya.

- Hindi maaaring tanggihan ng iyong county ang isang kahilingan na magsagawa ng paunang pagtatasa upang matukoy kung nakaaabot ka sa mga pamantayan sa pagtanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring ibigay ng county o ng iba pang mga tagapagkaloob na kinontrata ng county (gaya ng mga klinika, pagamutan, mga organisasyong nakabase sa komunidad, o mga indibidwal na tagapagkaloob).

Saan Ako Makakakuha ng mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Maaari kang makakuha ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at nakatatanda. Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, kwalipikado ka para sa karagdagang pagsaklaw (coverage) at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot. Tingnan ang seksyong “Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot” ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng tagapagkaloob na makapagbibigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang ituro ng county sa tagapagkaloob na pinakamalapit sa iyong tahanan, o sa loob ng mga pamantayan ng oras o distansiya na makatutugon sa iyong mga pangangailangan.

Kailan Ako Makakakuha ng mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang matugunan ng iyong county ang mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-iiskedyul ng serbisyo para sa iyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, kailangan kang bigyan ng appointment ng county:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan na simulan ang mga serbisyo sa plano para sa kalusugang pangkaisipan;
- Sa loob ng 48 oras kung humiling ka ng mga serbisyo para sa isang kagyat na kondisyong hindi nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 96 na oras para sa isang kagyat na kondisyong nangangailangan ng

paunang pahintulot;

- Sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan para sa isang appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa naunang appointment para sa mga hindi agarang follow-up appointment para sa mga patuloy na kondisyon.

Para sa mga serbisyo kaugnay ng problema sa pagkagumon sa droga o alak, kailangan kang bigyan ng county ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan na simulan ang mga serbisyo sa isang tagapagkaloob kaugnay ng problema sa pagkagumon sa droga o alak para sa mga serbisyong pang-outpatient at masinsinang serbisyong pang-outpatient;
- Sa loob ng 48 oras kung humiling ka ng mga serbisyo para sa isang kagyat na kondisyong hindi nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 96 na oras para sa isang kagyat na kondisyong nangangailangan ng paunang pahintulot;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko;
- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang serye ng paggamot para sa isang patuloy na problema sa pagkagumon sa droga o alak, maliban na lamang sa ilang partikular na kaso na natukoy ng iyong tagapagkaloob ng paggamot.

Gayumpaman, maaaring mas matagal ang mga panahong ito kung natukoy ng iyong tagapagkaloob na ang mas mahabang oras ng paghihintay ay medikal na naaangkop at hindi nakasasama sa iyong kalusugan. Kung ipinaalam sa iyo na inilagay ka sa waitlist at sa tingin mo ay makasasama ang haba ng panahon sa iyong kalusugan, kontakin ang iyong county sa numero ng telepono na nakalista sa cover ng handbook na ito. May karapatan kang maghain ng hinaing kung hindi ka nakatatanggap ng maagap na pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahain ng hinaing, tingnan ang seksyong “Ang Proseso sa Pagsumite ng Hinaing” sa handbook na ito.

Ano ang mga Serbisyong Pang-emerhensiya?

Ang mga serbisyong pang-emerhensiya ay mga serbisyo para sa mga miyembrong nakararanas ng hindi inaasahang kondisyong medikal, kabilang ang isang kondisyong medikal na emerhensiyang pang-sikayatriko. Ang isang kondisyong medikal na pang-emerhensiya ay may mga napakatinding sintomas (posibleng kabilang ang matinding kirot) na maaaring makatuwirang asahan ng isang karaniwang tao na maaaring mangyari ang mga sumusunod anumang oras:

- Ang kalusugan ng indibidwal (o ang kalusugan ng isang hindi pa isinisilang na sanggol) ay maaaring nalalagay sa matinding panganib
- Nagdudulot ng matinding perhuwisyo sa paraan ng paggana ng iyong katawan
- Nagdudulot ng malubhang pinsala sa anumang organo o bahagi ng katawan

Nangyayari ang isang kondisyong medikal na emerhensiyang pang-sikayatriko kapag iniisip ng isang karaniwang tao na ang isang indibidwal ay:

- Isang kasalukuyang panganib sa kanyang sarili o sa ibang tao dahil sa isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan.
- Hindi na agad nagagawang tugunan ang kanilang mga pangangailangan, tulad ng pagkain, kasuotan, tirahan, personal na kaligtasan, o pag-akses sa kinakailangang pangangalagang medikal dahil sa isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan at/o malubhang problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Ang mga serbisyong pang-emerhensiya ay sakop nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Hindi kailangan ang paunang pahintulot sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Sakop ng programang Medi-Cal ang mga kondisyong pang-emerhensiya, ito man ay dulot ng pisikal na kalusugan o kondisyon sa kalusugang pangkaisipan (mga iniisip, pakiramdam, pag-uugali na pinagmumulan ng pagkabahala at/o hindi normal na pagkilos kaugnay ng sarili o ng iba). Kung ikaw ay nakaenrol sa Medi-Cal, hindi ka makatatanggap ng singil para sa pagpunta sa emergency room, kahit na hindi naman pala ito isang emerhensiya. Kung sa tingin mo ay mayroon kang emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa anumang ospital o iba pang pasilidad para humingi ng tulong.

Sino ang Nagpapasya Kung Aling mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?

Ikaw, ang iyong tagapagkaloob, at ang county ay kabahagi sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap. Makikipag-usap sa iyo ang isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali at tutulong sa pagtukoy kung anong uri ng mga serbisyo ang kailangan.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diyagnosis kaugnay ng kalusugan ng pag-uugali o isang espesipikong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali para humingi ng tulong. Makatatanggap ka ng ilang serbisyo habang kinukumpleto ng iyong tagapagkaloob ang isang pagtatasa.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, maaari ka ring makakuha ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali dahil sa trauma, pagkakasangkot sa sistema hinggil sa kapakanan ng mga bata, pagkakasangkot sa hustisyang pangkabataan, o kawalan ng tirahan. Bukod pa rito, kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, kailangang magbigay ang county ng mga serbisyong medikal na kinakailangan upang matulungan ang iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapagaan sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

Maaaring kailanganin sa ilang serbisyo ang paunang pahintulot mula sa county. Kabilang sa mga serbisyong kailangan ng paunang pahintulot ay ang Mga Masinsinang Serbisyong Pantahanan (Intensive Home-Based Services), Masinsinang Paggamot na Pang-umaga (Day Treatment Intensive), Pang-umagang Rehabilitasyon (Day Rehabilitation), Mga Serbisyong Paggamot sa Suliranin sa Pag-uugali (Therapeutic Behavioral Services), Terapiya para sa mga Kabataang nasa Foster Care (Therapeutic Foster Care) at Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad para sa may Problema sa Pagkagumon sa Droga o Alak (Substance Use Disorder Residential Services). Tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito upang humingi ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng pahintulot ng county ay kailangang sumunod sa mga espesipikong iskedyul.

- Para sa isang karaniwang pahintulot kaugnay ng problema sa pagkagumon sa droga o alak, kailangang magpasya ang county hinggil sa kahilingan ng iyong tagapagkaloob sa loob ng limang (5) araw ng negosyo.
 - Kung hihilingin mo o ng iyong tagapagkaloob, o kung sa tingin ng county ay makabubuti para sa iyo na makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong tagapagkaloob, maaaring palawigin ang iskedyul nang hanggang 14 pang araw ng kalendaryo. Isang halimbawa kung kailan maaaring makabuti para sa iyo ang isang palugit ay kapag sa tingin ng county, maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong tagapagkaloob para sa pahintulot kung may karagdagang impormasyon ang county mula sa iyong tagapagkaloob at kailangang tanggihan nito ang kahilingan nang wala ang impormasyon. Kung palalawigin ng county ang iskedyul, magpapadala sa iyo ang county ng nakasulat na abiso tungkol sa palugit.
- Para sa isang karaniwang paunang pahintulot kaugnay ng kalusugang pangkaisipan, kailangang magpasya ang county batay sa kahilingan ng iyong tagapagkaloob sa lalong madaling panahon ayon sa kinakailangan ng iyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo mula nang matanggap ng county ang kahilingan.
 - Halimbawa, kung ang pagsunod sa karaniwang itinakdang panahon ay maaaring magdulot ng matinding panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na antas ng kapasidad, kailangang madaliin ng iyong county ang desisyon para sa pahintulot at magbigay ng abiso batay sa takdang panahon kaugnay ng iyong kondisyong pangkalusugan nang hindi lalampas sa 72 oras matapos matanggap ang kahilingan para sa serbisyo. Maaaring palawigin ng iyong county ang iskedyul nang hanggang 14 pang araw ng kalendaryo matapos matanggap ng county ang kahilingan kung ikaw o ang iyong tagapagkaloob ay humiling ng palugit o magbibigay ang county ng katwiran kung bakit makabubuti ang palugit para sa iyo.

Sa parehong pagkakataon, kung palalawigin ng county ang iskedyul para sa kahilingan sa pahintulot ng tagapagkaloob, padadalhan ka ng county ng isang nakasulat na abiso tungkol sa palugit. Kung hindi makapagpasya ang county sa loob ng nakalistang mga iskedyul o tinanggihan, ipinagpaliban, binawasan, o winakasan ang mga serbisyong hiniling, ang county ay kailangang magpadala sa iyo ng isang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination) na nagsasabi sa iyo na tinanggihan, naantala, binawasan o winakasan ang mga serbisyo, ipaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apela, at bigyan ka ng impormasyon kung paano maghain ng apela.

Maaari kang humingi ng higit pang impormasyon sa county tungkol sa mga proseso ng pahintulot nito.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county tungkol sa proseso ng pahintulot, maaari kang maghain ng apela. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong "Paglutas ng Problema" sa handbook na ito.

Ano ang Pangangailangang Medikal?

Ang mga serbisyong iyong natatanggap ay dapat na medikal na kinakailangan at medikal na angkop upang matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag makatwiran at kailangan ito upang protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o maibsan ang matinding pangingirot.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay itinuturing na medikal na kinakailangan kung winawasto, pinananatili, sinusupportahan, pinapabuti, o mas pinagagaan ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapagaan sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan at may pagsaklaw bilang mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang mga Serbisyo para sa Kalusugang Pangkaisipan na Hindi Saklaw ng County?

Kung ikaw ay nakaenrol sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, makakakuha ka ng sumusunod na mga serbisyong pang-outpatient para sa kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugang pangkaisipan, kabilang ang indibidwal, panggrupo, at pampamilyang terapiya.
- Sikolohikal at neuropsychological na pagsusuri, kapag medikal na kinakailangan upang suriin ang isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan.
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa mga layunin ng pagmomonitor sa mga inireresetang gamot.
- Konsultasyong sikyatriko.

Para makakuha ng isa sa mga serbisyong nabanggit, direktang tawagan ang iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Kung wala ka sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, maaari kang makakuha ng mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na tagapagkaloob at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaari kang matulungan ng county na makahanap ng tagapagkaloob o klinika.

Maaaring magbigay ng mga iniresetang gamot ang anumang botika na tumatanggap ng Medi-Cal para gamutin ang isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Tandaan na ang karamihan sa mga inireresetang gamot na ibinibigay ng botika, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw sa ilalim ng programang Fee-For-Service ng Medi-Cal, at hindi ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Ano ang Iba Pang Mga Serbisyo para sa Problema sa Pagkagumon sa Droga o Alak na Makukuha mula sa mga Plano sa Pinamamahalaang Pangangalaga o sa Programang “Fee for Service” ng Medi-Cal?

Kailangang magbigay ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng mga pagsaklaw sa mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak sa mga pasilidad para sa pangunahing pangangalaga (primary care setting), at pagsusuri para sa paggamit ng tabako, alak, at mga ipinagbabawal na gamot. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo kaugnay ng pagkagumon sa droga o alak para sa mga

buntis na miyembro at pagsusuri, pagtatasa, at panandaliang interbensiyon hinggil sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga, at referral sa naaangkop na pasilidad ng paggamot para sa mga miyembrong nasa edad 11 pataas. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay kailangang magbigay o mangasiwa ng mga serbisyo para sa Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon o Medications for Addiction Treatment (kilala rin bilang Pagbibigay-lunas sa Tulong ng Gamot o Medication Assisted Treatment) na isinasagawa sa pangunahing pangangalaga (primary care), inpatient hospital, mga emergency department, at iba pang mga kinontratang medikal na pasilidad. Kailangan ding magbigay ang plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng mga serbisyong pang-emerhensiya na kinakailangan para mapanatiling maayos ang kalagayan ng miyembro, kabilang ang boluntaryong detoxification na pang-inpatient.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Mga Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?

Kung ikaw ay nasa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, tungkulin ng county na hanapan ka ng tagapagkaloob. Kung hindi ka nakaenrol sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga at mayroon kang "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, maaari kang pumunta sa anumang tagapagkaloob na tumatanggap ng Medi-Cal. Kailangan mong sabihin sa iyong tagapagkaloob na mayroon kang Medi-Cal bago ka magsimulang tumanggap ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon. Maaari kang gumamit ng tagapagkaloob na wala sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Bakit Ko Maaaring Kailanganin ang Mga Inpatient na Serbisyong Pang-sikayatriko sa Ospital (Psychiatric Inpatient Hospital)?

Maaari kang ma-ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan o mga palatandaan ng kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na hindi kayang ligtas na magamot sa pamamagitan ng mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kondisyon sa kalusugang pangkaisipan o mga sintomas ng kondisyon sa kalusugang pangkaisipan, ikaw ay:

- Posibleng magdulot ng kapahamakan sa sarili, sa ibang tao, o sa ari-arian.

- Walang kakayahang alagaan ang iyong sarili pagdating sa pagkain, pananamit, tirahan, personal na kaligtasan, o kinakailangang pangangalagang medikal.
- Nagdudulot ng matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- Mayroong malaking paghina sa kakayahang kumilos o gumana (function) bunga ng isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan.
- Nangangailangan ng pagsusuring sikyatriko, paggamot gamit ng medisina, o iba pang paggamot na maaari lamang isagawa sa ospital.

PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB

Paano Ako Makakahanap ng Tagapagkaloob ng Mga Serbisyo na Kailangan Ko para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang i-post online ng iyong county ang pinakabagong direktoryo ng mga tagapagkaloob. Makikita mo ang link ng direktoryo ng mga tagapagkaloob sa seksyong County Contact sa handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga tagapagkaloob, ang mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyon upang matulungan kang mag-akses ng pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na makukuha mula sa mga tagapagkaloob.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga kasalukuyang tagapagkaloob o nais mo ng na-update na direktoryo ng mga tagapagkaloob, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito. Maaari kang makakuha ng listahan ng mga tagapagkaloob sa paraang nakasulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

Paalala: Maaaring magtakda ang county ng ilang limitasyon sa iyong pipilling mga tagapagkaloob para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Kapag nagsimula kang makatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, maaari kang humiling na mabigyan ng iyong county ng paunang pagpipilian nang hindi bababa sa dalawang tagapagkaloob. Kailangan ka ring pahintulutan ng iyong county na magpalit ng tagapagkaloob. Kung hiniling mong magpalit ng tagapagkaloob, kailangan kang pahintulutan ng county na pumili sa pagitan ng hindi bababa sa dalawang tagapagkaloob hangga't maaari. Tungkulin ng iyong county na tiyaking mayroon kang maagap na pag-akses sa pangangalaga at mayroong sapat na mga tagapagkaloob na malapit sa iyo upang matiyak na makakakuha ka ng mga saklaw na serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali kung kailangan mo ang mga ito.

Kung minsan, ang mga kinontratang tagapagkaloob ng county ay nagpapasyang hindi na magbigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali dahil maaaring hindi na sila nakakontrata sa county, o hindi na tumatanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito,

kailangang tapat na pagsikapan ng county na magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat taong tumatanggap ng mga serbisyo mula sa tagapagkaloob. Kailangan mong makatanggap ng abiso 30 araw ng kalendaryo bago ang petsa ng pagiging epektibo ng pagwawakas o 15 araw ng kalendaryo matapos malaman ng county na titigil ang trabaho ng tagapagkaloob. Kapag nangyari ito, kailangan kang pahintulutan ng iyong county na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa tagapagkaloob na umalis sa county, kung sasang-ayon ka at ang tagapagkaloob. Ito ay tinatawag na "pagpapatuloy ng pangangalaga" at ipinapaliwanag ito sa ibaba.

Paalala: Ang mga indibidwal na Amerikanong Indiyano at Katutubo ng Alaska na kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na nagpasyang sumali sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, ay maaari ding makatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa pamamagitan ng Indian Health Care Providers.

Maaari ba Akong Patuloy na Makatanggap ng Mga Serbisyon Espesyalisado kaugnay ng Kalusugang Pangkaisipan Mula sa Aking Kasalukuyang Tagapagkaloob?

Kung nakatatanggap ka na ng mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan mula sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, maaari kang patuloy na makatanggap ng pangangalaga mula sa tagapagkaloob na iyon kahit na tumatanggap ka ng mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan mula sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan, basta't magkakatugma ang mga serbisyo sa pagitan ng mga tagapagkaloob at hindi magkapareho ang mga serbisyo.

Bukod pa rito, kung nakatatanggap ka na ng mga serbisyo mula sa ibang plano sa kalusugang pangkaisipan, plano sa pinamamahalaang pangangalaga, o isang indibidwal na tagapagkaloob ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" upang manatili ka sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob, nang hanggang 12 buwan. Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob upang ipagpatuloy ang iyong kasalukuyang paggamot o dahil magdudulot ng matinding kapahamakan sa iyong kondisyon sa kalusugang pangkaisipan ang lumipat sa isang bagong tagapagkaloob.

Maaaring maaprubahan ang iyong kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga kung ang mga sumusunod ay totoo:

- Mayroon kang patuloy na ugnayan sa tagapagkaloob na iyong hinihiling at nagpatingin ka na sa tagapagkaloob na iyon sa nakalipas na 12 buwan;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob upang maipagpatuloy ang kasalukuyang paggamot para maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o pamamalagi sa isang pasilidad.
- Ang tagapagkaloob ay kwalipikado at nakaaabot sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang tagapagkaloob sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugang pangkaisipan para sa pakikipagkontrata sa plano sa kalusugang pangkaisipan at pagbabayad para sa mga serbisyo; at
- Ang tagapagkaloob ay nagbabahagi ng mga naangkop na dokumentasyon sa county tungkol sa iyong pangangailangan para sa mga serbisyo.

Maaari ba Akong Patuloy na Makatanggap ng mga Serbisyo para sa Problema sa Pagkagumon sa Droga o Alak Mula sa Aking Kasalukuyang Tagapagkaloob?

Maaari mong hilingin na panatilihin ang iyong tagapagkaloob na hindi kasali sa network sa loob ng panahong itinakda kung:

- Mayroon kang patuloy na ugnayan sa tagapagkaloob na iyong hinihiling at nagpatingin ka na sa tagapagkaloob na iyon bago ang petsa ng iyong paglipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob upang maipagpatuloy ang kasalukuyang paggamot para maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o pamamalagi sa isang pasilidad.

**ANG IYONG KARAPATANG MAAKSES ANG MGA REKORD KAUGNAY NG
KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON HINGGIL SA DIREKTORYO
NG MGA TAGAPAGKALOOB GAMIT ANG MGA SMART DEVICE**

Maaari mong maakses ang iyong mga rekord kaugnay ng kalusugan ng pag-uugali at/o maghanap ng tagapagkaloob gamit ang isang application na na-download sa isang computer, smart tablet, o mobile device. Maaaring may impormasyon ang iyong county sa kanilang website na maaari mong tingnan bago pumili ng application para makuha ang iyong impormasyon sa ganitong paraan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkakaroon mo ng pag-akses, makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng pagsangguni sa seksyong “Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa County” sa loob ng handbook na ito.

SINASAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung nakaaabot ka sa mga pamantayan sa pag-akses ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, ang mga sumusunod na serbisyo ay magagamit mo batay sa iyong pangangailangan. Tutulungan ka ng iyong tagapagkaloob na magpasya kung aling mga serbisyo ang pinakamabuti para sa iyo.

Mga Serbisyon Espesyalisado kaugnay ng Kalusugang Pangkaisipan

Mga Serbisyo para sa Kalusugang Pangkaisipan

- Ang mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan ay mga serbisyo sa paggamot na nakabatay sa indibidwal, grupo, o pamilya na tumutulong sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan upang magkaroon ng kakayahang harapin ang mga problema para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama rin sa mga serbisyon ito ang trabahong ginagawa ng tagapagkaloob upang makatulong na mapabuti ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang sa mga ganitong uri ng bagay ang mga pagtatasa para malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung epektibo ang serbisyo; pagpapalano ng paggamot upang pagpasyahan ang mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugang pangkaisipan at ang mga espesipikong serbisyon ibibigay; at "kolateral", na ang ibig sabihin ay pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at mahahalagang tao sa iyong buhay (kung pahihintulutan mo) upang matulungan kang mapabuti o mapanatili ang iyong mga kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Maaaring isagawa ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa isang klinika o opisina ng tagapagkaloob, sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (kabilang dito ang mga interaksyon na audio lamang at video). Tutulungan ka ng county at ng tagapagkaloob para alamin ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

Mga Serbisyo hinggil sa Suporta sa Gamot

- Kabilang sa mga serbisyon ito ang pagrereseta, pagbibigay, pamamahagi, at pagmomonitor ng mga gamot pang-sikayatriko. Maaari ding magbigay ang

iyong tagapagkaloob ng edukasyon tungkol sa gamot. Ang mga serbisyong ito ay maaaring isagawa sa isang klinika, opisina ng doktor, sa iyong tahanan, sa isang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (kabilang dito ang mga interaksyon na audio lamang at video).

Pamamahala ng Kaso para sa Espesipikong Pangangailangan (Targeted Case Management)

- Ang serbisyong ito ay tumutulong sa mga miyembro na makakuha ng mga serbisyong medikal, pang-edukasyon, panlipunan, prevocational, bokasyonal, pang-rehabilitasyon, o iba pang mga serbisyong pang-komunidad kapag ang mga serbisyong ito ay maaaring mahirap makuha nang mag-isa ng mga taong may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Ang pamamahala ng kaso para sa espesipikong pangangailangan ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - Pagbuo ng plano;
 - Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
 - Pagmomonitor sa paghahatid ng serbisyo upang matiyak ang pag-akses ng tao sa serbisyo at sa sistema ng paghahatid ng serbisyo; at
 - Pagmomonitor sa pag-unlad ng tao.

Mga Serbisyo para sa Interbensiyon sa oras ng Krisis (Crisis Intervention Services)

- Inilaan ang serbisyong ito para matugunan ang isang kagyat na kondisyong nangangailangan ng agarang atensiyon. Ang layunin ng interbensiyon sa oras ng krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad upang hindi na nila kailangang pumunta sa ospital. Ang interbensiyon sa oras ng krisis ay posibleng tumagal nang hanggang walong oras at maaaring isagawa sa isang klinika o opisina ng tagapagkaloob, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad. Maaari ding isagawa ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng telepono o telehealth.

Mga Serbisyo para sa Pagtiyak na Hindi na Kritikal ang Kondisyon sa oras ng Krisis (Crisis Stabilization Services)

- Inilaan ang serbisyong ito para matugunan ang isang kagyat na kondisyong nangangailangan ng agarang atensiyon. Ang pagtiyak na hindi na kritikal ang kondisyon sa oras ng krisis (crisis stabilization) ay tumatagal nang wala pang

24 na oras at kailangang isagawa sa isang lisensiyadong 24 na oras na pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan, sa isang programa sa ospital na pang-outpatient, o sa isang lugar ng tagapagkaloob na sertipikadong magbigay ng mga serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad para sa Paggamot sa mga Nasa Hustong Gulang (Adult Residential Treatment Services)

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan sa mga taong may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na naninirahan sa mga lisensiyadong residensiyal na pasilidad. Tumutulong ang mga ito sa pagbuo ng mga kasanayan sa mga tao at nagbibigay ng mga serbisyong paggamot sa isang residensiyal na pasilidad para sa mga taong may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Inilalaan ang mga serbisyong ito 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastusin sa kwarto at pagkain kapag namalagi sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad para sa Paggamot sa Oras ng Krisis (Crisis Residential Treatment Services)

- Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan at pagpapaunlad ng kasanayan sa mga taong may malubhang problema sa pag-iisip o suliraning emosyonal. Hindi ito para sa mga taong nangangailangan ng pangangalagang sikyatriko sa ospital. Makukuha ang mga serbisyo sa mga lisensiyadong pasilidad 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang gastusin sa kwarto at pagkain sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo para sa Masinsinang Paggamot na Pang-umaga (Day Treatment Intensive Services)

- Ito ay isang nakabalangkas na programa ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan na ibinibigay sa isang grupo ng mga tao na maaaring kailanganing manatili sa ospital o sa iba pang 24 na oras na pasilidad ng pangangalaga. Ang programa ay tumatagal ng tatlong oras sa isang araw. Kabilang dito ang terapiya, psychotherapy, at mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kasanayan.

Pang-umagang Rehabilitasyon (Day Rehabilitation)

- Nilalayan ng programang ito na tulungan ang mga taong may kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na matuto at magkaroon ng mga kasanayan sa pagharap sa problema at sa buhay upang mas maayos na makontrol ang kanilang mga sintomas. Ang programang ito ay tumatagal nang hindi bababa sa tatlong oras kada araw. Kabilang dito ang terapiya at mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kasanayan.

Mga Inpatient na Serbisyong Pang-sikayatriko sa Ospital (Psychiatric Inpatient Hospital)

- Ito ay mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensiyadong ospital pang-sikayatriko. Isang lisensiyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan ang nagpapasya kung kailangan ng isang tao ng masinsinang paggamot sa lahat ng oras para sa kanilang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Kung magpasya ang propesyonal na kailangan ng miyembro ng paggamot sa lahat ng oras, dapat manatili ang miyembro sa ospital nang 24 na oras sa isang araw.

Mga Serbisyo ng Pasilidad para sa Kalusugang Sikayatriko

- Ang mga serbisyong ito ay isinasagawa sa isang lisensiyadong pasilidad para sa kalusugang sikayatriko na eksperto sa 24 na oras na rehabilitasyong paggamot ng mga malulubhang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan. Ang mga pasilidad para sa kalusugang sikayatriko ay dapat magkaroon ng kasunduan sa isang kalapit na ospital o klinika upang matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na pangangalagang pangkalusugan ng mga tao sa pasilidad. Maaari lamang tumanggap at gumamot ang mga pasilidad para sa kalusugang sikayatriko ng mga pasyenteng walang pisikal na karamdaman o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit pa sa karaniwang maaaring gamutin kapag outpatient ang pagbabatayan.

Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali (Therapeutic Behavioral Services)

Ang Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali ay mga masinsinang panandaliang interbensiyon sa pang-outpatient na paggamot para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Ang mga serbisyong ito ay espesipikong idinisenyo para sa bawat

miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay mayroong mga malubhang suliraning emosyonal, nakararanas ng nakababahalang pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang panandalian, espesipikong mga serbisyong pansuporta.

Ang mga serbisyong ito ay isang uri ng serbisyong espesyalisado kaugnay ng kalusugang pangkaisipan na makukuha sa county kung mayroon kang malubhang mga problemang emosyonal. Para makakuha ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali, ikaw ay kailangang makatanggap ng serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan, wala pang 21 taong gulang, at mayroong komprehensibong pagsaklaw ng Medi-Cal.

- Kung nakatira ka sa bahay, maaaring kang tulungan nang one-to-one ng isang kawani ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali upang mabawasan ang matinding mga problema sa pag-uugali at mapigilan ang pangangailangan mong tumuloy sa mas mataas na antas ng pangangalaga, gaya ng isang pasilidad na panggrupo (group home) para sa mga bata at kabataang wala pang 21 taong gulang na may mga napakalubhang problemang emosyonal.
- Kung nakatira ka sa isang alternatibong pangangalagang wala sa sariling tahanan (out-of-home placement), maaari kang tulungan ng isang kawani ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali upang magawa mong makabalik sa iyong tahanan o sa isang lugar na pampamilya, gaya ng foster home.

Ang Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali ay tutulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga (caregiver), o tagapangalaga para matutunan ang mga bagong paraan ng pagtugon sa problematikong pag-uugali at paglinang ng mga uri ng pag-uugali na magbibigay-daan sa iyo upang maging matagumpay. Ikaw, ang kawani ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali, at ang iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagabantay ay magtutulungan bilang isang pangkat upang tugunan ang mga problematikong pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailanganin ang mga serbisyo. Magkakaroon ka ng plano sa Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali na magsasabi kung ano ang gagawin mo, ng iyong pamilya, tagapag-alaga, o tagabantay, at ng kawani ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali habang tumatanggap ng mga serbisyong ito. Kasama rin sa plano ng Mga Serbisyong Panlunas para sa Pag-uugali kung kailan at saan isasagawa ang mga

serbisyo. Ang kawani ng Mga Serbisyonang Panlunas para sa Pag-uugali ay maaaring tumulong sa iyo sa karamihan ng mga lugar kung saan malamang na kailangan mo ng tulong. Kabilang dito ang iyong tahanan, foster home, paaralan, programa ng paggamot na pang-umaga, at iba pang mga lugar sa komunidad.

Koordinasyon para sa Masinsinang Pangangalaga (Intensive Care Coordination)

Ito ay isang serbisyo ng pamamahala ng kaso para sa espesipikong pangangailangan na nagbibigay-daan para masagawa ang pagtatasa, pagpapalano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang. Ang serbisyonang ito ay para sa mga kwalipikado sa komprehensibong pagsaklaw sa mga serbisyo ng Medi-Cal at inirerekomenda sa serbisyo batay sa medikal na pangangailangan. Ang serbisyonang ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga alituntunin ng Integrated Core Practice Model. Kabilang dito ang pagtatatag ng Child and Family Team para makatulong na matiyak na mayroong wastong ugnayang may komunikasyon sa pagitan ng bata, kanilang pamilya, at mga kabahaging sistema na nagbibigay-serbisyo sa mga bata.

Kabilang sa Child and Family Team ang propesyonal na suporta (halimbawa: tagapag-ugnay ng pangangalaga o care coordinator, mga tagapagkaloob, at mga tagapamahala ng kaso mula sa mga ahensiyang nagbibigay-serbisyo sa mga bata), natural na suporta (halimbawa: mga kapamilya, kapitbahay, kaibigan, at klero), at iba pang mga taong nagtutulungan upang gawin at maisakatuparan ang plano ng kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng pangkat na ito na makakamit ng mga bata at pamilya ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyonang ito ay mayroon ding tagapag-ugnay na:

- Tinitiyak na ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan ay naaakses, naitutugma, at naihatid sa paraang nakabatay sa mga kalakasan, indibidwal, nakatuon sa kliyente, at naaangkop sa kultura at wika.
- Tumitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay nakabatay sa mga pangangailangan ng bata.
- Gumagawa ng paraan upang magtulungan ang lahat para sa bata, pamilya, mga tagapagkaloob, atbp.
- Sumusuporta sa magulang/tagapag-alaga upang matulungang tugunan ang mga

pangangailangan ng bata.

- Tumutulong sa pagbuo ng Child and Family Team at nagbibigay ng patuloy na suporta.
- Tumitiyak na ang bata ay napapangalagaan ng iba pang mga sistemang nagbibigay-serbisyo sa mga bata kung kinakailangan.

Mga Masinsinang Serbisyong Pantahanan (Intensive Home-Based Services)

- Ang mga serbisyong ito ay espesipikong idinisenyo para sa bawat miyembro. Kabilang dito ang mga interbensiyon batay sa mga kalakasan upang mapabuti ang mga kondisyon sa kalusugang pangkaisipan na maaaring makasagabal sa pagkilos ng bata/kabataan. Nilalayan ng mga serbisyong ito na tulungan ang mga bata/kabataan na magkaroon ng mga kinakailangang kasanayan upang makakilos nang mas mabuti sa tahanan at sa komunidad at mapahusay ang kakayahan ng kanilang pamilya na matulungan silang magawa ito.
- Ang Mga Masinsinang Serbisyong Pantahanan ay inilaan sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Child and Family Team. Ginagamit nito ang pangkalahatang plano ng serbisyo ng pamilya. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na kwalipikado para sa komprehensibong pagsaklaw sa mga serbisyo ng Medi-Cal. Kailangan ang isang referral batay sa medikal na pangangailangan upang matanggap ang mga serbisyong ito.

Terapiya para sa mga Kabataang nasa Foster Care (Therapeutic Foster Care)

- Ang modelo ng serbisyong Terapiya para sa mga Kabataang nasa Foster Care ay nagbibigay ng panandalian, masinsinan, at may pag-unawa ukol sa trauma (trauma-informed) na mga serbisyong espesyalisado kaugnay ng kalusugang pangkaisipan para sa mga batang hanggang 21 taong gulang na may mga kumplikadong pangangailangang emosyonal at pangangailangan sa pag-uugali. Ang mga serbisyong ito ay espesipikong idinisenyo para sa bawat miyembro. Sa Terapiya para sa mga Kabataang nasa Foster Care, ang mga bata ay inilalagay sa pangangalaga ng mga sinanay, pinangangasiwaan, at sinusuportahang mga magulang na nasa Terapiya para sa mga Kabataang nasa Foster Care.

Parent-Child Interaction Therapy (PCIT)

- Ang PCIT ay isang programang tumutulong sa mga batang nasa edad 2-7 na may mga problematikong pag-uugali at tumutulong sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga upang matutunan ang mga bagong paraan ng pakikitungo sa kanila. Maaaring kabilang sa mga pag-uugaling ito ang pagkagalit o hindi pagsunod sa mga patakaran.
- Sa pamamagitan ng PCIT, ang isang magulang o tagapag-alaga ay nagsusuot ng headset habang nakikipaglaro sa kanilang anak sa isang espesyal na playroom. Nanonood ang isang therapist mula sa isa pang silid o sa video at nagbibigay ng payo sa magulang o tagapag-alaga gamit ang headset. Tinutulungan ng therapist ang magulang o tagapag-alaga na matutunan kung paano hikayatin ang wastong pag-uugali at mapabuti ang kanilang relasyon sa kanilang anak.

Functional Family Therapy (FFT)

- Ang FFT ay isang maikli at nakapokus na programa sa pagpapayo para sa mga pamilya at kabataang nasa edad 11-18 na may problematikong pag-uugali o nahihirapang kontrolin ang kanilang mga emosyon. Maaaring kasama rito ang paglabag sa mga patakaran, pakikipag-away, o paggamit ng droga.
- Nakikipagtulungan ang FFT sa pamilya ng isang bata at kung minsan ay sa iba pang mga miyembro ng support system ng bata gaya ng mga guro o doktor upang makatulong na mabawasan ang hindi wastong pag-uugali ng bata.

Multisystemic Therapy (MST)

- Ang MST ay isang programang pampamilya para sa mga kabataang nasa edad 12-17 na nagpapakita ng matinding problema sa pag-uugali. Ang MST ay kadalasang ginagamit para sa mga kabataang lumabag sa batas o nanganganib na masangkot sa kasong may kinalaman sa batas, o nanganganib na mapaalis sa kanilang tahanan dahil sa kanilang pag-uugali.
- Kasama sa MST ang mga suporta ng pamilya at komunidad sa terapiya upang matulungan ang mga kabataan na ayusin ang kanilang mga pag-uugali gaya ng paglabag sa batas o paggamit ng droga. Tinutulungan din ng MST ang mga magulang na matutunan ang mga kasanayan upang matulungan silang

pangasiwaan ang mga pag-uugaling ito sa bahay, kasama ang mga katulad nila, o sa iba pang mga lugar sa komunidad.

- Sa pamamagitan ng MST, matututunan ng mga magulang at tagapag-alaga kung paano harapin ang mga hamon pagdating sa kanilang mga batang o tinedyer na anak. Matututunan din nilang harapin nang mas maayos ang mga isyu sa loob ng tahanan, mga kaibigan, o sa loob ng kanilang komunidad. Nirerespeto ng programa ang iba't ibang kultura at nakatuon sa pagtulong sa mga pamilya sa loob mismo ng kanilang mga tahanan at komunidad. Nakikipagtulungan din ito sa mga paaralan, pulisya, at mga hukuman.
- Maaaring magbago kung gaano kadalas makipagpulong ang mga pamilya para sa programa. Ang ilang pamilya ay maaaring mangailangan lamang ng mga panandaliang pag-uusap, habang ang iba naman ay maaaring makipagpulong nang dalawang oras araw-araw o bawat linggo. Ang tulong na ito ay karaniwang tumatagal ng 3 hanggang 5 buwan.

Muling Pagbabalik sa Lipunan ng mga Nabilanggo (Justice-Involved Reentry)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nabilanggo nang hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya sa bilangguan. Kabilang sa mga nakalaang uri ng serbisyo ang pamamahala ng kaso sa muling pagbabalik sa lipunan, mga serbisyong medikal na pagkonsulta para sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta sa katulad nila, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, terapiya, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpapalano matapos makalabas at makalaya, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon tungkol sa gamot, mga serbisyong pansuporta, at tulong para mag-enrol sa naaangkop na tagapagkaloob, halimbawa, isang Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko upang magpatuloy sa Pagbibigay-lunas sa Tulong ng Gamot sa panahon ng paglaya. Para makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
 - Kung wala pang 21 taong gulang, nasa kustodiya ng isang Youth Correctional Facility.
 - Kung isang nasa hustong gulang, dapat ay nasa kustodiya at mayroong isa sa mga pangangalagang pangkalusugan na tinutukoy sa programa.

- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa o Medi-Cal Peer Support Services (magkakaiba sa bawat county)

- Itinataguyod ng Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa ang paggaling, katatagan, pakikibahagi, pakikisalamuha, kakayahang mamuhay nang mag-isa, pagpapahayag ng sariling mga karapatan, pagpapaunlad ng mga natural na suporta, at pagtukoy sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na gawain. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) taong tagasuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan o ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Support Specialist sa Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali o pagkagumon sa droga o alak at nasa proseso ng paggaling, nakumpleto ang mga kinakailangan ng programang sertipikasyon na aprubado ng Estado ng isang county, sertipikado ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksiyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensiyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.
- Kabilang sa Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa ang indibidwal at panggrupong pagtuturo, mga grupo para sa pagpapaunland ng mga kasanayang pang-edukasyon, paghahanap ng mga mapagkukunan, mga serbisyo sa pakikibahagi upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga gawaing panterapiya gaya ng pagtataguyod sa pagpapahayag ng sariling mga karapatan.
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa (Medi-Cal Peer Support Services). Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na

makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis (Mobile Crisis Services)

- May Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis (Mobile Crisis Services) kung ikaw ay nakararanas ng krisis sa kalusugang pangkaisipan.
- Ang Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ay ibinibigay ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa lokasyon kung saan ka nakararanas ng krisis, kabilang ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang mga lokasyon sa komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Ang Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at pagtitiyak na hindi na kritikal ang kondisyon na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng higit pang pangangalaga, ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyo sa mismong lugar ng krisis ay magbibigay din ng maayos na paglilipat ng responsibilidad o referral para sa iba pang mga serbisyo.

Assertive Community Treatment (ACT) (magkakaiba sa bawat county)

- Ang ACT ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan. Ang mga taong nangangailangan ng ACT ay karaniwang nakaranas na ma-ospital, pumunta sa emergency room, namalagi sa mga pagamutan at/o lumabag sa batas. Maaari ding nakaranas silang mawalan ng tirahan o hindi makakuha ng tulong mula sa mga regular na klinika.
- Iniaangkop ng ACT ang mga serbisyo sa bawat tao at sa kanilang sariling mga pangangailangan. Ang layunin ay para tulungan ang mga tao na bumuti ang pakiramdam at matutunan kung paano mamuhay sa kanilang komunidad. Isang pangkat ng iba't ibang eksperto ang nagtutulong para maibigay ang lahat ng uri ng suporta at paggamot. Tinutulungan ng pangkat na ito ang mga tao sa kanilang kalusugang pangkaisipan, tinuturuan sila ng mga mahahalagang kasanayan sa buhay, itinutugma ang kanilang pangangalaga, at nagbibigay ng suporta sa komunidad. Ang pangkalahatang layunin ay tulungan ang bawat tao

na makabangon mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan sa pag-uugali at mamuhay nang mas maayos sa loob ng kanilang komunidad.

- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng ACT. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Forensic Assertive Community Treatment (FACT) (magkakaiba sa bawat county)

- Ang FACT ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan at lumabag din sa batas. Katulad din ito ng programang ACT, ngunit may ilang karagdagang tampok para matulungan ang mga taong lubhang nanganganib o dati nang nasangkot sa sistema ng hustisyang pangkrimen.
- Ang pangkat ng FACT ay binubuo ng mga eksperto na may espesyal na pagsasanay upang maunawaan ang mga pangangailangan ng mga taong lumabag sa batas. Nagbibigay sila ng parehong uri ng suporta at paggamot gaya ng sa ACT, tulad ng pagtulong sa kalusugan ng pag-uugali, pagtuturo ng mga kasanayan sa buhay, pagtutugma ng pangangalaga, at pabibigay ng suporta sa komunidad.
- Ang layunin ay para tulungan ang bawat tao na bumuti ang pakiramdam, umiwas sa gulo, at mamuhay nang mas maginhawa sa kanilang komunidad.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng FACT. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP) (magkakaiba sa bawat county)

- Ang CSC ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong nakararanas ng psychosis sa unang pagkakataon. Maraming sintomas ang psychosis, kabilang ang nakakikita o nakaririnig ng mga bagay na hindi nakikita o naririnig ng ibang tao. Ang CSC ay nagbibigay ng mabilis at pinagsamang suporta sa mga unang yugto ng psychosis, na nakatutulong para maiwasan ang mga pamamalagi sa

ospital, pagpunta sa emergency room, oras sa mga pagamutan, paglabag sa batas, paggamit ng droga, at kawalan ng tirahan.

- Nakatuon ang CSC sa bawat tao at sa kanilang sariling mga pangangailangan. Isang pangkat ng iba't ibang eksperto ang nagtutulong para magbigay ng lahat ng uri ng tulong. Tumutulong sila sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan, nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, itinutugma ang pangangalaga, at nagbibigay ng suporta sa komunidad. Ang layunin ay para tulungan ang mga tao na bumuti ang pakiramdam, pangasiwaan ang kanilang mga sintomas, at mamuhay nang maayos sa kanilang komunidad.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng CSC para sa FEP. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Mga Serbisyo ng Clubhouse (magkakaiba sa bawat county)

- Ang mga Clubhouse ay mga espesyal na lugar na tumutulong sa mga tao na makabangon mula sa mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Nakatuon sila sa mga kalakasan ng mga tao at lumilikha ng isang komunidad na nagbibigay-suporta.
- Sa isang Clubhouse, ang mga tao ay maaaring makahanap ng trabaho, makipagkaibigan, matuto ng mga bagong bagay, at magkaroon ng mga kasanayan upang mapabuti ang kanilang kalusugan at kapakanan. Nagtatrabaho rin ang mga tao kasama ng mga kawani ng Clubhouse upang makatulong sa mga pangangailangan ng lahat sa Clubhouse, gaya ng paghahanda ng tanghalian para sa ibang mga miyembro ng Clubhouse. Ang layunin ay para tulungan ang lahat na maging miyembro ng isang komunidad, hikayatin ang iba na makamit ang kanilang mga layunin, at mapabuti ang kanilang pangkalahatang kalidad ng buhay.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Clubhouse. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Pinahusay na Mga Serbisyo ng Manggagawang Pangkalusugan ng Komunidad o Enhanced Community Health Worker (CHW) (magkakaiba sa bawat county)

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at pinagkakatiwalaang mga miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW ay para tulungang mapigilan ang mga sakit, kapansanan, at iba pang mga problema sa kalusugan bago pa lumala ang mga ito. Kasama sa Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW ang lahat ng parehong bahagi at tuntunin gaya ng mga regular na serbisyo ng CHW para sa pag-iingat, ngunit ang mga ito ay iniayon sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-uugali. Ang layunin ay para magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling maginhawa at maayos ang mga miyembrong ito.
- Kasama sa ilang serbisyong ito ang edukasyong pangkalusugan at pagsasanay, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga malalang o nakahahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali, bago at matapos manganak (perinatal), at kalusugan ng ngipin; at pag-iwas sa pinsala; pagtataguyod at pagtuturo tungkol sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paglikha ng mga plano ng pagkilos upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala sa sakit.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho o Supported Employment (magkakaiba sa bawat county)

- Ang modelo ng Individual Placement and Support (IPS) ng Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali para makahanap at mapanatili ang mga trabahong kompetitibo sa kanilang komunidad.
- Sa pamamagitan ng paglahok sa IPS na Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho, makakakuha ang mga tao ng mas magandang resulta sa trabaho at masusuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.

- Nakatutulong din ang programang ito na mapabuti ang pagiging independiyente, pakiramdam ng pagiging kabilang, at pangkalahatang kalusugan at kapakanan.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

***Mga Serbisyo para sa mga Namamalagi sa Pasilidad o In-Reach Services
(magkakaiba sa bawat county)***

- Ang Mga Serbisyo sa Pagbabalik sa Komunidad para sa mga Namamalagi sa Pasilidad (Community Transition In-Reach Services) ay tumutulong sa mga taong matagal nang nasa ospital o pasilidad na pang-sikayatriko o nanganganib na manatili roon nang matagal. Ang programa ay tumutulong sa iyo, sa iyong pamilya, sa ospital o pasilidad, at iba pang mga taong tagasuporta para matulungan kang makabalik sa komunidad. Ang layunin ay para tulungan kang maiwasan ang matagal na pamamalagi sa ospital na pang-sikayatriko o iba pang mga sentro ng pangangalaga.

Mga Serbisyo para sa Problema sa Pagkagumon sa Droga o Alak

Ano ang mga Serbisyo ng County hinggil sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System?

Ang mga serbisyo ng county hinggil sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ay para sa mga taong may kondisyon sa pagkagumon sa droga o alak, ang ibig sabihin nito ay maaaring may maling paggamit sila ng alak o iba pang mga droga, o mga taong nanganganib na magkaroon ng kondisyon sa pagkagumon sa droga o alak na maaaring hindi kayang gamutin ng isang pediatrician o general practitioner. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang trabahong ginagawa ng tagapagkaloob upang makatulong na mapabuti ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga ganitong uri ng mga bagay ang mga pagtatasa upang makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung epektibo ang serbisyo.

Maaaring isagawa ang Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa isang klinika o

opisina ng tagapagkaloob, o sa iyong tahanan o ibang lugar sa komunidad, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (kabilang dito ang mga interaksyon na audio lamang at video). Tutulungan ka ng county at ng tagapagkaloob para alamin ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

American Society of Addiction Medicine (ASAM)

Gagamitin ng county o tagapagkaloob ang tool ng American Society of Addiction Medicine upang mahanap ang naaangkop na antas ng pangangalaga. Ang mga uri ng mga serbisyonang ito ay inilalarawan bilang "mga antas ng pangangalaga," at ipinapaliwanag sa ibaba.

Pagsusuri, Pagtatasa, at Panandaliang Interbensiyon, at Referral para sa Paggamot (American Society of Addiction Medicine Level 0.5)

Ang Pagsusuri, Pagtatasa, at Panandaliang Interbensiyon, at Referral para sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SABIRT) hinggil sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga ay hindi isang benepisyo sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ito ay isang benepisyo sa Fee-for-Service ng Medi-Cal at sistema sa paghatid ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal para sa mga miyembrong nasa edad 11 taong gulang pataas. Dapat magbigay ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng pagsaklaw sa mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak, kabilang ang serbisyonang ito para sa mga miyembrong nasa edad 11 taong gulang pataas.

Mga Serbisyo kaugnay ng Maagang Interbensiyon

Ang mga serbisyo kaugnay ng maagang interbensiyon ay serbisyonang sakop ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang miyembrong wala pang 21 taong gulang na nasuri at natukoy na nanganganib na magkaroon ng problema sa pagkagumon sa droga o alak ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyonang saklaw sa ilalim ng antas ng serbisyonang pang-outpatient bilang mga serbisyo kaugnay ng maagang interbensiyon. Hindi kinakailangan ang diyagnosis sa problema sa pagkagumon sa droga o alak para sa mga serbisyo kaugnay ng maagang interbensiyon para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga serbisyong nauna nang inilarawan sa handbook na ito, pati na rin ang karagdang mga serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot.

Upang makakuha ng mga serbisyo para sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot, ang isang miyembro ay dapat na wala pang 21 taong gulang at mayroong komprehensibong pagsaklaw ng Medi-Cal. Saklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na kinakailangan upang itama o tulungan ang mga kondisyon sa kalusugang pisikal at ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapagaan sa isang kondisyon ay itinuturing na nakatutulong sa kondisyon at may pagsaklaw bilang mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot. Ang mga pamantayan sa pag-akses para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay iba at mas flexible kaysa sa mga pamantayan sa pag-akses para sa mga nasa hustong gulang na gumagamit ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, upang maabot ang kinakailangan sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot at ang layunin para sa pag-iwas at maagang interbensiyon sa mga kondisyon kaugnay ng problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga serbisyong ito, mangyaring tawagan ang iyong county o puntahan ang [webpage ng DHCS hinggil sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot](#).

Mga Serbisyo sa Pang-outpatient na Paggamot (American Society of Addiction Medicine Level 1)

- Ang mga serbisyo sa pagpapayo ay ibinibigay sa mga miyembro nang hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang anim na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kung medikal na kinakailangan. Maaari kang makakuha ng mas maraming oras batay sa iyong mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ay

maaaring ibigay ng isang taong lisensiyado, tulad ng isang tagapayo, nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng telehealth.

- Kabilang sa Mga Serbisyong Pang-outpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo (pang-indibidwal at panggrupo), terapiya para sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng paggamit ng opioid, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng pag-inom ng alak at iba pang mga problemang may kaugnayan sa paggamit ng droga na hindi opioid, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensiyon sa oras ng krisis dulot ng problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Mga Masinsinang Serbisyong Pang-outpatient o Intensive Outpatient Services (American Society of Addiction Medicine Level 2.1)

- Ang Mga Masinsinang Serbisyong Pang-outpatient ay ibinigay sa mga miyembro nang may minimum na siyam na oras at maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang kung ito ay medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa indibidwal na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay karaniwang nakatuon sa pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga isyung may kaugnayan sa adiksiyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensiyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang organisadong pasilidad. Ang Mga Masinsinang Serbisyong Pang-outpatient na Paggamot ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Kasama sa Mga Masinsinang Serbisyong Pang-outpatient ang mga bagay na katulad ng sa Mga Serbisyong Pang-outpatient. Ang pangunahing pagkakaiba ay ang mas maraming oras ng serbisyo.

Parsiyal na Pagpapaospital (magkakaiba sa bawat county) (American Society of Addiction Medicine Level 2.5)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaring makakuha ng serbisyong ito sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Kasama sa mga serbisyo ng Parsiyal na Pagpapaospital ang 20 o higit pang oras ng serbisyo kada linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga programa ng parsiyal na pagpapaospital ay may direktang akses sa mga serbisyong sikyatriko, medikal, at laboratoryo at natutugunan ang mga natukoy na pangangailangan na may nararapat na pang-araw-araw na pagmomonitor o pamamahala ngunit maaaring angkop na matugunan sa isang klinika. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.
- Ang mga serbisyo ng Parsiyal na Pagpapaospital ay katulad ng mga Mga Masinsinang Serbisyong Pang-outpatient, kung saan ang pangunahing pagkakaiba ay ang pagtaas ng bilang ng mga oras at karagdagang akses sa mga serbisyong medikal.

Paggamot na ginagawa sa Residensiyal na Pasilidad (nakabatay sa pahintulot ng county) (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)

- Ang Paggamot na ginagawa sa Residensiyal na Pasilidad ay isang programang nagbibigay ng mga serbisyong rehabilitasyon sa mga miyembrong na-diagnose na may problema sa pagkagumon sa droga o alak, kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Maninirahan ang miyembro sa lugar at susuportahan sa kanilang mga pagsisikap na magbago, manatili, at gamitin ang mga kasanayan sa pakikipagkapwa-tao at independiyenteng pamumuhay sa pamamagitan ng pag-akses sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayumpaman, maaari ding gamitin ang telehealth at telepono upang magbigay ng mga serbisyo habang nasa residensiyal na pasilidad ang indibidwal para sa paggamot. Nagtutulungan ang mga tagapagkaloob at residente para tukuyin ang mga balakid, magtakda ng mga prayoridad, bumuo ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang may kaugnayan sa pagkagumon sa droga o alak. Kabilang sa mga layunin ang hindi

paggamit ng mga droga o pag-inom ng alak, paghahanda para sa posibleng mga salik na magpapanumbalik ng adiksiyon, pagpapabuti ng personal na kalusugan at mga kasanayang panlipunan, at paglahok sa pangmatagalang pangangalaga.

- Ang mga serbisyo sa residensiyal na pasilidad ay nangangailangan ng paunang pahintulot mula sa county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.
- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad ang pangangalap ng impormasyon at pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pang-indibidwal na pagpapayo, panggrupong pagpapayo, terapiya para sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng paggamit ng opioid, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema sa labis na pag-inom ng alak at iba pang mga problema sa paggamit ng droga na hindi opioid, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensiyon sa oras ng krisis dulot ng problema sa pagkagumon sa droga o alak.
- Ang mga tagapagkaloob ng Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad ay kailangang magbigay ng mga gamot na panlunas sa adiksiyon sa mismong pasilidad o tumulong sa mga miyembro na makakuha ng mga gamot na panlunas sa adiksiyon sa labas ng pasilidad. Hindi nakatutugon sa kinakailangang ito ang mga tagapagkaloob ng Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng impormasyon kung paano makikipag-ugnayan sa mga tagapagkaloob ng Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon. Ang mga tagapagkaloob ng Mga Serbisyo sa Residensiyal na Pasilidad ay kailangang magbigay at magreseta ng mga gamot sa mga miyembrong saklaw ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System.

Mga Serbisyo sa Pang-inpatient na Paggamot (nakabatay sa pahintulot ng county) (magkakaiba sa bawat county) (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot saanman ang kanilang tinitirhang county.
- Ibinibigay ang mga serbisyon pang-inpatient sa isang 24 na oras na pasilidad na nagsasagawa ng pagsusuri, obserbasyon, medikal na pagmomonitor, at

paggamot sa adiksiyon sa isang pasilidad na pang-inpatient sa ilalim ng pangangasiwa ng mga propesyonal. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayumpaman, maaari ding gamitin ang telehealth at telepono upang magbigay ng mga serbisyo habang nasa pang-inpatient na paggamot ang isang tao.

- Ang mga serbisyong pang-inpatient ay napakaorganizado, at karaniwang mayroong doktor na nasa pasilidad nang 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nars, tagapayo hinggil sa adiksiyon, at iba pang mga kawani ng klinika. Kabilang sa Mga Serbisyong Pang-inpatient ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, terapiya para sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema sa paggamit ng opioid, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema sa labis na pag-inom ng alak at iba pang mga problema na may kaugnayan sa paggamit ng droga na hindi opioid, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensiyon sa oras ng krisis dulot ng problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko

- Ang mga Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko ay mga programa sa labas ng ospital na nagbibigay ng mga gamot na panlunas sa mga problema sa pagkagumon sa droga o alak, kapag iniutos ng isang doktor kung medikal na kinakailangan. Ang mga Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko ay kailangang magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang miyembro ay kailangang bigyan ng hindi bababa sa 50 minuto ng mga sesyon sa pagpapayo kada buwan ng kalendaryo. Ang mga serbisyong ito sa pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Kabilang sa Mga Serbisyong Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, pagpapayo, terapiya para sa pamilya, medical psychotherapy, mga serbisyo sa gamot, pamamahala ng pangangalaga, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng paggamit ng opioid, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng pag-inom ng alak at iba pang mga problemang

may kaugnayan sa paggamit ng droga na hindi opioid, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, at mga serbisyo para sa interbensiyon sa oras ng krisis dulot ng problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Pamamahala ng mga Sintomas ng Paghinto sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak (Withdrawal Management)

- Ang mga serbisyo sa pamamahala ng mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak ay agaran at ibinibigay sa loob ng maikling panahon. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito bago pa man maisagawa ang isang kumpletong pagsusuri. Maaaring isagawa ang mga serbisyo sa pamamahala ng mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak sa isang pasilidad na pang-outpatient, residensiyal, o pang-inpatient.
- Anuman ang uri ng pasilidad, susubaybayan ang miyembro sa oras ng proseso ng pamamahala ng mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak. Ang mga miyembrong tumatanggap ng pamamahala ng mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak sa isang pasilidad na residensiyal o pang-inpatient ay dapat manirahan sa lokasyong iyon. Ang mga serbisyo para sa pagbuo o pagpapanatili ng mga kasanayan (habilitative) at pagpapanumbalik sa dating kondisyon (rehabilitative) na medikal na kinakailangan ay ibinibigay ng isang lisensiyadong doktor o lisensiyadong tagapagreseta (prescriber).
- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Pamamahala ng mga Sintomas ng Paghinto sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, serbisyo sa gamot, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng paggamit ng opioid, Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon para sa problema kaugnay ng pag-inom ng alak at iba pang mga problema kaugnay ng paggamit ng droga na hindi opioid, obserbasyon, at mga serbisyo sa paggaling.

Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon

- Ang mga Serbisyo para sa Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon ay makukuha sa mga medikal at di-medikal na pasilidad. Kabilang sa Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon ang lahat ng gamot at mga produktong biyolohikal na aprubado ng

FDA para gamutin ang problema kaugnay ng pag-inom ng alak, problema kaugnay ng paggamit ng droga na opioid, at problema kaugnay ng paggamit ng anumang droga. May karapatan ang mga miyembro na mabigyan ng Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon sa mismong pasilidad o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kabilang sa listahan ng mga aprubadong gamot ang:

- Acamprosate Calcium
 - Buprenorphine Hydrochloride
 - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
 - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
 - Naloxone Hydrochloride
 - Naltrexone (oral)
 - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
 - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
 - Disulfiram (Antabuse)
 - Methadone (ibinibigay lamang sa Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko)
- Ang Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon ay maaaring ibigay kasama ng mga sumusunod na serbisyo: pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, panggrupong pagpapayo, terapiya para sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, mga serbisyo para sa interbensiyon sa oras ng krisis dulot ng problema sa pagkagumon sa droga o alak, at mga serbisyo sa pamamahala ng mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak. Ang Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon ay maaaring ibigay bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System, kabilang halimbawa ang Mga Serbisyo sa Pang-outpatient na Paggamot, Mga Masinsinang Serbisyonang Pang-outpatient, at Paggamot na ginagawa sa Residensiyal na Pasilidad.
 - Maaari ding maakses ng mga miyembro ang Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon sa labas ng county ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Halimbawa, ang Mga Gamot na Panlunas sa Adiksiyon, tulad ng buprenorphine, ay maaaring iresetang ilang mga tagapagreseta sa mga pasilidad para sa pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga at maaaring ipamahagi o ibigay sa iyo sa isang botika.

Muling Pagbabalik sa Lipunan ng mga Nabilanggo (Justice-Involved Reentry)

- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong nabilanggo nang hanggang 90 araw bago ang kanilang paglaya sa bilangguan. Kabilang sa mga nakalaang uri ng serbisyo ang pamamahala ng kaso sa muling pagbabalik sa lipunan, mga serbisyong medikal na pagkonsulta para sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta sa katulad nila, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, terapiya, edukasyon para sa pasyente, mga serbisyo sa gamot, pagpapalano matapos makalabas at makalaya, mga serbisyo sa laboratoryo at radiology, impormasyon tungkol sa gamot, mga serbisyong pansuporta, at tulong para mag-enrol sa naaangkop na tagapagkaloob, halimbawa, isang Programa sa Paggamot kaugnay ng mga Narkotiko upang magpatuloy sa Pagbibigay-lunas sa Tulong ng Gamot sa panahon ng paglaya. Para makatanggap ng mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay dapat na miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
 - Kung wala pang 21 taong gulang, nasa kustodiya ng isang Youth Correctional Facility.
 - Kung isang nasa hustong gulang, dapat ay nasa kustodiya at mayroong isa sa mga pangangalagang pangkalusugan na tinutukoy sa programa.
- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa o Medi-Cal Peer Support Services (magkakaiba sa bawat county)

- Itinataguyod ng Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa ang paggaling, katatagan, pakikibahagi, pakikisalamuha, kakayahang mamuhay nang mag-isa, pagpapahayag ng sariling mga karapatan, pagpapaunlad ng mga natural na suporta, at pagtukoy sa mga kalakasan sa pamamagitan ng mga nakabalangkas na gawain. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) taong tagasuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan o ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System. Ang Peer Support Specialist sa Mga Serbisyo ng Suporta sa Kapwa ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan

ng pag-uugali o pagkagumon sa droga o alak at nasa proseso ng paggaling, nakumpleto ang mga kinakailangan ng programang sertipikasyon na aprubado ng Estado ng isang county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng direksiyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensiyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.

- Kabilang sa Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa ang indibidwal at panggrupong pagtuturo, mga grupo para sa pagpapaunland ng mga kasanayang pang-edukasyon, paghahanap ng mga mapagkukunan, mga serbisyo sa pakikibahagi upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga gawaing panterapiya gaya ng pagtataguyod sa pagpapahayag ng sariling mga karapatan.
- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot saanmang county sila nakatira.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Suporta sa Kapwa (Medi-Cal Peer Support Services). Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Mga Serbisyo sa Paggaling

- Ang mga Serbisyo sa Paggaling ay maaaring maging isang mahalagang bahagi ng iyong paggaling at pagbuti. Ang mga serbisyo sa paggaling ay makatutulong sa iyo na makakonekta sa komunidad para sa paggamot upang pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Kaya naman, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong papel sa pamamahala ng iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga estratehiyang pansuporta sa pamamahala ng sarili, at pag-oorganisa ng mga panloob at pangkomunidad na mapagkukunan upang makapagbigay ng patuloy na suporta sa pamamahala ng sarili.
- Maaari kang makatanggap ng mga Serbisyo sa Paggaling batay sa iyong sariling pagtatasa o sa pagtatasa ng iyong tagapagkaloob hinggil sa panganib na manumbalik ang dating bisyo. Maaari ka ring makatanggap ng mga Serbisyo

sa Paggaling nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono.

- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Paggaling ang pagtatasa, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, panggrupong pagpapayo, terapiya para sa pamilya, pagmomonitor sa paggaling, at mga elemento ng pag-iwas sa pagpapanumbalik ng dating bisyo.

Koordinasyon sa Pangangalaga

- Ang Mga Serbisyo para sa Koordinasyon sa Pangangalaga ay binubuo ng mga gawain upang magbigay ng koordinasyon sa pangangalaga para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak, pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan, at pangangalagang medikal, at upang magbigay ng mga koneksiyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ibinibigay ang Koordinasyon sa Pangangalaga kasama ng lahat ng serbisyo at maaaring isagawa sa mga medikal o di-medikal na pasilidad, pati na sa iyong komunidad.
- Kabilang sa Mga Serbisyo para sa Koordinasyon sa Pangangalaga ang pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyong medikal at kalusugang pangkaisipan upang imonitor at suportahan ang mga kondisyong pangkalusugan, pagpapalano para sa paglabas sa ospital, at pagtitiyak ng koordinasyon sa mga pantulong na serbisyo sa labas ng pasilidad (ancillary services) kabilang ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabase sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo o Contingency Management (magkakaiba sa bawat county)

- Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnosis, at Paggamot saanman ang kanilang tinitirhang county.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo (Contingency Management). Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

- Ang Mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo (Contingency Management Services) ay isang paggamot na nakabatay sa ebidensiya para sa problema kaugnay ng paggamit ng mga drogang pampasigla (stimulant) kung saan ang mga kwalipikadong miyembro ay lalahok sa isang nakabalangkas na serbisyong pang-outpatient para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo sa loob ng 24 na linggo, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang mga serbisyo sa paggamot at suporta sa paggaling nang walang mga insentibo.
- Kabilang sa unang 12 linggo ng Mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo ang isang serye ng mga insentibo para sa pagkamit ng mga layunin sa paggamot, partikular na ang hindi paggamit ng mga drogang pampasigla (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Kailangang sumang-ayon ang mga kalahok sa mga drug test para sa ihi sa tuwing itatakda ng programa ng mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo. Kabilang sa mga insentibo ang mga katumbas na pera (hal., mga gift card).
- Ang Mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo ay magagamit lamang ng mga miyembro na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang pasilidad na hindi residensiyal na pinapatakbo ng isang kabahaging tagapagkaloob, at nakaenrol at lumalahok sa isang komprehensibo at indibidwal na serye ng paggamot.

Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis (Mobile Crisis Services)

- May Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis na makukuha kung ikaw ay nakararanas ng krisis sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak.
- Ang Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ay ibinibigay ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa lokasyon kung saan ka nakararanas ng krisis, kabilang ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang mga lokasyon sa komunidad, hindi kasama ang ospital o iba pang pasilidad. Ang Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.
- Kabilang sa Mga Serbisyo sa Mismong Lugar sa Oras ng Krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na pagtatasa, at pagtitiyak na hindi na kritikal ang

kondisyon na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng higit pang pangangalaga, ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyo sa mismong lugar ng krisis ay magbibigay din ng maayos na paglilipat ng responsibilidad o referral para sa iba pang mga serbisyo.

Mga Tradisyonal na Kasanayan sa Pangangalagang Pangkalusugan

- Inaasahang mapapabuti ng mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ang pag-akses sa pangangalagang may paggalang sa kultura; susuportahan ang kakayahan ng mga pasilidad na ito na maglingkod sa kanilang mga pasyente; mapapanatili at masusustinihan ang kalusugan; mapapabuti ang mga resulta ng kalusugan at ang kalidad at karanasan kaugnay ng pangangalaga; at mababawasan ang mga umiiral na pagkakaiba-iba sa pag-akses sa pangangalaga.
- Saklaw ng mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ang dalawang bagong uri ng serbisyo: ang mga serbisyo ng Tradisyonal na Manggagamot at Natural na Tagatulong (Natural Helper). Kabilang sa mga serbisyo ng Tradisyonal na Manggagamot ang terapiya gamit ang musika (tulad ng tradisyonal na musika at mga kanta, pagsasayaw, pagtatambol), espirituwalidad (tulad ng mga seremonya, ritwal, mga halamang-gamot) at iba pang mga pinagsamang pamamaraan. Ang mga serbisyo ng Natural na Tagatulong (Natural Helper) ay maaaring makatulong sa suporta sa pag-unawa o pag-akses (navigational support), pagbuo ng kasanayang psychosocial, pamamahala sa sarili, at suporta sa trauma.
- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

Pinahusay na Mga Serbisyo ng Manggagawang Pangkalusugan ng Komunidad o Enhanced Community Health Worker (CHW) (magkakaiba sa bawat county)

- Ang mga CHW ay mga manggagawang pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay at pinagkakatiwalaang mga miyembro ng kanilang mga komunidad.
- Ang layunin ng Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW ay para tulungang mapigilan ang mga sakit, kapansanan, at iba pang mga problema sa kalusugan bago pa lumala ang mga ito. Kasama sa Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW

ang lahat ng parehong bahagi at tuntunin gaya ng mga regular na serbisyo ng CHW para sa pag-iingat, ngunit ang mga ito ay iniayon sa mga taong nangangailangan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-uugali. Ang layunin ay para magbigay ng karagdagang suporta upang mapanatiling maginhawa at maayos ang mga miyembrong ito.

- Kasama sa ilang serbisyong ito ang edukasyong pangkalusugan at pagsasanay, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga malalang o nakahahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali, bago at matapos manganak (perinatal), at kalusugan ng ngipin; at pag-iwas sa pinsala; pagtataguyod at pagtuturo tungkol sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paglikha ng mga plano ng pagkilos upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala sa sakit.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Pinahusay na Mga Serbisyo ng CHW. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho o Supported Employment (magkakaiba sa bawat county)

- Ang modelo ng Individual Placement and Support (IPS) ng Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho ay isang serbisyong tumutulong sa mga taong may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali para makahanap at mapanatili ang mga trabahong kompetitibo sa kanilang komunidad.
- Sa pamamagitan ng paglahok sa IPS na Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho, makakakuha ang mga tao ng mas magandang resulta sa trabaho at masusuportahan ang kanilang paggaling mula sa kanilang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- Nakatutulong din ang programang ito na mapabuti ang pagiging independiyente, pakiramdam ng pagiging kabilang, at pangkalahatang kalusugan at kapakanan.
- Opsyonal para sa mga kalahok na county ang pagbibigay ng Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung nagbibigay ng serbisyong ito ang iyong county.

MGA SERBISYONG MAKUKUHA SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO O TELEHEALTH

Ang personal o harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong tagapagkaloob ay hindi palaging kailangan upang makatanggap ka ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Depende sa iyong mga serbisyo, maaari mong matanggap ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong tagapagkaloob ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at tiyaking sumang-ayon ka bago simulan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang iyong mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth o telepono, maaari kang magpasya sa ibang pagkakataon na tanggapin ang iyong mga serbisyo nang personal o nang harapan. May ilang uri ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi maaaring ibigay sa pamamagitan lamang ng telehealth o telepono dahil kailangan kang nasa isang espesipikong lugar para sa serbisyo, gaya ng mga serbisyong paggamot sa isang residensiyal na pasilidad o mga serbisyo sa ospital.

ANG PROSESO SA PAGLUTAS NG PROBLEMA: PAGHAIN NG HINAING, PAG-APELA, O PAGHILING NG ISANG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO

Paano Kung Hindi Ko Makuha ang mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking County?

Dapat na may paraan ang iyong county para malutas mo ang anumang problema na may kaugnayan sa mga serbisyong gusto mo o natatanggap mo. Ito ay tinatawag na proseso sa paglutas ng problema, at maaaring kailanganin ang mga sumusunod:

- Ang Proseso ng Pagsumite ng Hinaing: Isang berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan tungkol sa anumang bagay na may kinalaman sa iyong mga serbisyong espesyalisado kaugnay ng kalusugang pangkaisipan, mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak, sa isang tagapagkaloob, o sa county. Tingnan ang seksyon hinggil sa Proseso ng Pagsumite ng Hinaing na nasa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso ng Pag-apela: Ang pag-apela ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal., pagtangga, pagwawakas, o pagbawas sa mga serbisyo) o hindi saklawin ang mga ito. Tingnan ang seksyon hinggil sa Proseso ng Pag-apela na nasa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ang Proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing): Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ng isang hukom ng batas na pang-administratibo mula sa California Department of Social Services (CDSS) kung tinaggihan ng county ang iyong apela. Tingnan ang seksyon hinggil sa Makatarungang Pagdinig ng Estado na nasa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Ang paghahain ng hinaing, pag-apela, o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay hindi gagamitin laban sa iyo at hindi makaaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Ang paghahain ng hinaing o pag-apela ay makatutulong upang makuha mo ang mga serbisyong kailangan mo at malutas ang anumang problema na mayroon ka hinggil sa iyong mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali. Nakatutulong din sa county ang mga hinaing at apela sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng impormasyong magagamit nila upang mapabuti ang mga serbisyo. Magbibigay ang

county ng abiso sa iyo, sa iyong mga tagapagkaloob ng serbisyo, at sa mga magulang/tagapangalaga tungkol sa resulta kapag natapos na ang proseso ng iyong hinaing o apela. Magbibigay ang Tanggapan ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ng abiso sa iyo at sa tagapagkaloob tungkol sa resulta kapag natapos na ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Paalala: Alamin ang higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema na nasa ibaba.

Maaari ba Akong Humingi ng Tulong para sa Paghahain ng Apela, Hinaing, o Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Ang iyong county ay tutulong na ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at dapat kang tulungan na maghain ng hinaing, apela, o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Maaari ka ring tulungan ng county na magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na prosesong 'pinabilis na apela', na ang ibig sabihin ay mas mabilis itong pag-aaralan dahil nanganganib ang iyong kalusugan, kalusugang pangkaisipan, at/o kaayusan ng kondisyon. Maaari mo ring pahintulutan ang iba pang tao na kumatawan sa iyo, kabilang ang iyong tagapagkaloob o tagapagtaguyod.

Kung kailangan mo ng tulong, makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa cover ng handbook na ito. Dapat kang bigyan ng iyong county ng makatwirang tulong para sa pagkumpleto ng mga form at iba pang mga hakbang sa proseso na may kaugnayan sa isang hinaing o apela. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at mga numerong matatawagan nang libre na may TTY/TDD at kakayahang magbigay ng interpreter.

Kung Kailangan Mo ng Higit Pang Tulong

Makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, Tanggapan ng Ombudsman:

- Numero ng Telepono: **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga holiday).

O

- E-mail: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Paalala:** Ang mga mensahe sa

e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensiyal (huwag maglagay ng personal na impormasyon sa e-mail).

Maaari ka ring makakuha ng libreng tulong legal sa iyong lokal na tanggapan para sa tulong legal o iba pang mga grupo. Para magtanong tungkol sa iyong mga karapatan kaugnay ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, maaari kang makipag-ugnayan sa Public Inquiry and Response Unit ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California sa numerong ito: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **1-800-952-8349**).

Mga Hinaing

Ano ang isang Hinaing?

Ang hinaing ay anumang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan hinggil sa iyong mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng pag-apela o ng proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kabilang dito ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga, kung paano ka tinatrato ng mga kawani at tagapagkaloob, at mga hindi pagkakasundo tungkol sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga.

Mga halimbawa ng hinaing:

- Kung sa tingin mo ay hindi naging magalang sa iyo ang isang tagapagkaloob o hindi nirespeto ang iyong mga karapatan.
- Kung kailangan ng county ng mas mahabang oras para sa pag-apruba sa isang serbisyong hiniling ng iyong tagapagkaloob para sa iyo, at hindi ka sang-ayon sa ekstensiyong ito.
- Kung hindi ka nasisiyahan sa kalidad ng pangangalagang natatanggap mo o sa paraan kung paano ipinaalam sa iyo ang iyong plano ng paggamot.

Ano ang Proceso ng Pagsumite ng Hinaing?

Ang proseso ng pagsumite ng hinaing ay:

- Nangangailangan ng mga simpleng hakbang upang maihain ang iyong hinaing nang berbal o nakasulat.
- Hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo, at hindi gagamitin laban sa iyong tagapagkaloob.

- Pahihintulutan kang aprubahan ang iba pang tao para kumatawan sa iyo. Maaari itong isang tagapagkaloob o tagapagtaguyod. Kung sasang-ayon kang magkaroon ng ibang tao na kakatawan sa iyo, maaaring hilingin sa iyong pumirma sa isang form ng pahintulot, na nagbibigay ng permiso sa iyong county na ibahagi ang impormasyon sa taong iyon.
- Titiyaking ang inaprubahang taong magpapasya tungkol sa hinaing ay kwalipikadong gumawa ng mga desisyon at hindi naging bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.
- Tutukuyin ang mga tungkulin mo, ng iyong county, at tagapagkaloob.
- Titiyaking maibibigay ang mga resulta ng hinaing sa loob ng itinakdang panahon.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Hinaing?

Maaari kang maghain ng hinaing anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa pangangalagang natanggap mo o mayroon kang ibang alalahanin tungkol sa iyong county.

Paano Ako Maghahain ng Hinaing?

Para makatanggap ng tulong sa paghahain ng mga hinaing tungkol sa serbisyong pang-inpatient at/o pang-residensiyal na pasilidad, maaari kang tumawag nang libre sa Programa para sa Pagtaguyod sa mga Pasyente (Patient's Advocacy Program) ng Jewish Family Service (JFS) sa (800) 479-2233 o (619) 282-1134.

Para makatanggap ng tulong sa paghahain ng mga hinaing tungkol sa mga serbisyong pang-outpatient, maaari kang tumawag nang libre sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa (877) 734-3258.

Maaaring maghain ng mga berbal o nakasulat na hinaing. Hindi kailangang sundan ng nakasulat na hinaing ang mga berbal na hinaing. Kung naghain ka ng nakasulat na hinaing, tandaan ang mga sumusunod: Nagbibigay ang iyong county ng mga sobreng may address na nito (self-addressed envelope) sa lahat ng lokasyon ng tagapagkaloob. Kung wala kang sobreng may address na, ipadala ang iyong mga nakasulat na hinaing sa:

Para sa mga Serbisyong Pang-inpatient at/o Pang-residensiyal na

Pasilidad:

Jewish Family Service of San Diego
Joan & Irwin Jacobs Campus
Turk Family Center Community Services Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123

Para sa mga Serbisyong Pang-outpatient:

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng County ang Aking Hinaing?

Kailangang magbigay sa iyo ang iyong county ng isang nakasulat na liham sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula nang matanggap ito upang ipaalam sa iyo na natanggap na ang iyong hinaing. Ang isang hinaing na natanggap sa telepono o nang personal na sinang-ayunan mong naresolba bago matapos ang susunod na araw ng negosyo, ay hindi nasasaklaw ng obligasyong nabanggit at maaaring hindi ka makatanggap ng liham.

Kailan Pagpapasiyahan ang Aking Hinaing?

Kailangang magkaroon na ng desisyon ang county tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghahain ng iyong hinaing.

Paano Ko Malalaman Kung Nakapagpasya na ang County Tungkol sa Aking Hinaing?

Kapag nagkaroon na ng desisyon tungkol sa iyong hinaing, ang county ay:

- Magpapadala sa iyo o sa iyong inaprubahang tao ng isang nakasulat na abiso tungkol sa desisyon;
- Magpapadala sa iyo o sa iyong inaprubahang tao ng isang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination, NOABD) na ipinaalam sa iyo ang karapatan mong humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka naabisuhan sa tamang oras ng county tungkol sa desisyon kaugnay ng iyong hinaing;

- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Maaaring hindi ka makatanggap ng nakasulat na abiso tungkol sa desisyon kung inihain ang iyong hinaing sa pamamagitan ng telepono o nang personal at sinang-ayunan mong naresolba ang iyong isyu bago matapos ang susunod na araw ng negosyo mula sa petsa ng paghahain.

Paalala: Kailangang magbigay sa iyo ang iyong county ng isang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination) sa petsa kung kailan magwawakas ang panahong itinakda. Maaari mong tawagan ang county para sa higit pang impormasyon kung hindi ka makatanggap ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo.

Mayroon bang Deadline para Maghain ng Hinaing?

Wala, maaari kang maghain ng hinaing anumang oras. Huwag mag-atubiling ipaalam sa county ang mga isyu. Laging makikipagtulungan ang county sa iyo upang makahanap ng solusyon para matugunan ang iyong mga alalahanin.

Mga Apela

Maaari kang maghain ng apela kapag hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county hinggil sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na kasalukuyan mong natatanggap o nais matanggap. Maaari kang humiling ng pagrerepaso sa desisyon ng county sa pamamagitan ng:

- Karaniwang Proseso ng Pag-apela.
-
- Pinabilis na Proseso ng Pag-apela.

Paalala: Magkatulad ang dalawang uri ng apela; gayumpaman, may mga espesipikong kinakailangan upang maging kwalipikado para sa pinabilis na apela (tingnan sa ibaba ang mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkumpleto ng mga form at pagsasagawa ng iba pang mga hakbang sa proseso upang maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng

nakasulat na apela, pagbibigay-alam sa iyo kung paano mahanap ang form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form kapag hiniling mo. Papayuhan at tutulungan ka rin ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyong sa panahon ng pag-apela hinggil sa negatibong desisyon kaugnay ng benepisyong alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Nagagawa ng Karaniwang Proseso ng Pag-apela?

Ang Karaniwang Proseso ng Pag-apela ay:

- Magbibigay-daan sa iyo para maghain ng berbal o nakasulat na apela.
- Titiyaking ang paghahain ng apela ay hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o hindi gagamitin laban sa iyong tagapagkaloob sa anumang paraan.
- Magpapahintulot sa iyong bigyan ng permiso ang ibang tao (kabilang ang isang tagapagkaloob o tagapagtaguyod) para kumatawan sa iyo. Paalala: Kung pahihintulutan mo ang ibang tao na kumatawan sa iyo, maaaring hilingin sa iyo ng county na pumirma ng isang form na nagpapahintulot sa county na magbahagi ng impormasyon sa taong iyon.
- Magbibigay-daan para magpatuloy ang iyong mga benepisyong kapag hiniling ang isang apela sa loob ng itinakdang panahon. Paalala: Ito ay 10 araw mula sa petsa kung kailan ipinadala sa koreo o personal na ibinigay sa iyo ang iyong Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyong.
- Titiyaking hindi mo kailangang magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela at kahit na ang pinal na desisyon hinggil sa apela ay pabor sa negatibong desisyon ng county kaugnay ng benepisyong.
- Titiyaking ang mga magpapasya hinggil sa iyong apela ay kwalipikado at walang kinalaman sa anumang nakaraang antas ng pagrerepaso o pagpapasya.
- Magpapahintulot sa iyo o sa iyong kinatawan na masuri ang file ng iyong kaso, kabilang ang mga medikal na rekord at iba pang mga kaugnay na dokumento.
- Magbibigay sa iyo ng makatwirang pagkakataon na maglahad ng ebidensiya, testimonya, at mga argumento nang personal o nakasulat.
- Magpapahintulot sa iyo, sa iyong inaprubahang tao, o legal na kinatawan ng ari-arian ng isang namatay na miyembro, na maisama bilang mga partido sa apela.

- Magbibigay sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong county na nagsasabing sumasailalim sa pag-aaral ang iyong apela.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, matapos makumpleto ang proseso ng pag-apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apela?

Maaari kang maghain ng apela sa iyong county kapag:

- Napagpasyahan ng county o ng kinontratang tagapagkaloob na hindi ka nakaaabot sa mga pamantayan sa pag-akses sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Inirekomenda ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang isang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa iyo at humiling ng pag-apruba mula sa iyong county, ngunit tinanggihan ng county ang kahilingan o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Humiling ang iyong tagapagkaloob ng pag-apruba mula sa county, ngunit humingi ang county ng karagdagang impormasyon at hindi nito natapos ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Hindi nagbibigay ang iyong county ng mga serbisyo batay sa nauna nitong itinakdang mga iskedyul.
- Nararamdaman mong hindi natutugunan ng county ang iyong mga pangangailangan sa tamang oras.
- Hindi naresolba sa tamang oras ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela.
- Ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi magkasundo sa mga kinakailangang serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.

Paano Ako Maghahain ng Apela?

- Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na tatlong paraan:
 - Para sa tulong sa paghahain hinggil sa mga serbisyong pang-inpatient at/o pang-residensiyal na pasilidad, maaari mong tawagan nang libre ang Programa para sa Pagtaguyod sa mga Pasyente (Patient's Advocacy Program) ng Jewish Family Service (JFS) sa (800) 479-2233 o sa (619)

282-1134. Para sa tulong sa paghahain hinggil sa mga serbisyong pang-outpatient, maaari mong tawagan nang libre ang Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa (877) 734-3258. Pagkatapos tumawag, kailanganin mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o

- o Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang county ng mga sobreng may address na nito sa lahat ng mga lokasyon ng tagapagkaloob para magamit mo sa pagpapadala ng iyong apela). Paalala: Kung wala kang sobreng may address na, maaari mong direktang ipadala ang iyong apela sa:

Para sa mga Serbisyong Pang-inpatient at/o Pang-residensiyal na Pasilidad:

Jewish Family Service of San Diego
Joan & Irwin Jacobs Campus
Turk Family Center Community Services Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123

Para sa mga Serbisyong Pang-outpatient:

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110

- o
- o Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Mangyaring tingnan ang seksyon hinggil sa 'Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa County' na nasa handbook na ito upang mahanap ang naaangkop na paraan (hal., email, fax) para sa pagsumite ng iyong apela.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan Na ang Aking Apela?

Ikaw o ang iyong inaprubahang tao ay makatatanggap ng nakasulat na abiso mula sa iyong county tungkol sa desisyon sa iyong apela. Ang abiso ay maglalaman ng sumusunod na impormasyon:

- Mga resulta ng proseso ng paglutas ng apela.
- Ang petsa kung kailan napagpasyahan ang apela.
- Kung hindi naresolba ang apela pabor sa iyo, magbibigay ng impormasyon sa

abiso tungkol sa iyong karapatan para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado at kung paano humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Mayroon bang Deadline sa Paghahain ng Apela?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsang nakasaad sa Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo. Walang mga deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo, kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

Kailan Magkakaroon ng Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Kailangang magpasya ang county tungkol sa iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang iyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 30 Araw para sa Desisyon tungkol sa Aking Apela?

Kung nakaaabot ang apela sa mga pamantayan para sa pinabilis na proseso ng pag-apela, maaari itong matapos nang mas mabilis.

Ano ang Pinabilis na Apela?

Ang pinabilis na apela ay sumusunod sa katulad na proseso ng sa karaniwang apela ngunit mas mabilis. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na apela:

- Dapat mong patunayan na ang paghihintay para sa isang karaniwang apela ay maaaring magpalala sa iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang pinabilis na proseso ng pag-apela ay sumusunod sa mga deadline na kaiba sa karaniwang apela.
- Ang county ay may 72 oras para suriin ang mga pinabilis na apela.
- Maaari kang gumawa ng berbal na kahilingan para sa isang pinabilis na apela.
- Hindi kailangang nakasulat ang iyong kahilingan para sa pinabilis na apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apela?

Kung ang paghihintay nang hanggang 30 araw para sa desisyon sa isang karaniwang apela ay magdudulot ng panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit,

mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na antas ng kapasidad, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng isang apela.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Mga Pinabilis na Apela:

- Kung nakaaabot ang iyong apela sa mga kinakailangan para sa isang pinabilis na apela, resolbahin ito ng county sa loob ng 72 oras mula nang matanggap ito.
- Kung mapagpasyahan ng county na hindi nakaaabot sa mga pamantayanan ang iyong apela para sa isang pinabilis na apela, kailangan nilang magbigay sa iyo ng berbal na abiso nang nasa oras at magbigay sa iyo ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na ipinapaliwanag ang dahilan ng kanilang desisyon. Susunod ang iyong apela sa mga iskedyul ng karaniwang apela na nauna nang nakabalangkas sa seksyong ito.
- Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county na hindi nakaaabot sa pamantayan ang iyong apela para sa pinabilis na apela, maaari kang maghain ng hinaing.
- Matapos resolbahin ng iyong county ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na apela, ikaw at ang lahat ng apektadong partido ay bibigyan ng berbal at nakasulat na abiso.

Mga Makatarungang Pagdinig ng Estado

Ano ang Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng isang hukom ng batas na pang-administratibo mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) upang matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na nararapat sa iyo sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Mangyaring puntahan ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services) <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa mga karagdagang mapagkukunan.

Ano ang Aking Mga Karapatan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng isang hukom ng batas na pang-administratibo, na kilala rin bilang Makatarungang Pagdinig ng Estado, upang matugunan ang iyong kaso.
- Alamin kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Alamin ang tungkol sa mga regulasyong nagtatakda kung paano magkaroon ng kinatawan sa panahon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Hilingin na ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo habang nasa proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng mga itinakdang panahon.
- Hindi magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado at kung pabor ang pinal na desisyon sa negatibong desisyon ng county kaugnay ng benepisyo.

Kailan Ako Maaaring Maghain para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaari kang maghain para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng paglutas ng apela na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ng iyong county ang iyong kahilingang umapela.
- Ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi naresolba sa tamang oras.

Paano Ako Hihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Pamamahala ng Kaso para sa Pag-apela ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services Appeals Case Management): <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa kagawaran ng kagalingan (welfare department) ng county sa address na nakasaad sa Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination), o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo sa:

**California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37**

Sacramento, CA 94244-2430

- Sa pamamagitan ng Fax: 916-651-5210 or 916-651-2789

Maaari ka ring humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng Telepono:
 - *State Hearings Division*, libreng tawag, sa **1-800-743-8525** o **1-855-795-0634**.
 - *Public Inquiry and Response*, libreng tawag, sa **1-800-952-5253** o TDD sa **1-800-952-8349**.

Mayroon bang Deadline para Humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na abiso hinggil sa desisyon ng county kaugnay ng apela para humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo, maaari kang maghain para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Hinihintay Ko ang Desisyon hinggil sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at nais mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon hinggil sa Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan kang humiling ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsang namarkahan ng koreo o naipadala sa iyo ang abiso hinggil sa desisyon kaugnay ng apela. Kung hindi naman, maaari kang humiling ng pagdinig bago ang petsang itinakda ng iyong county na ihihinto o babawasan ang mga serbisyo.

Paalala:

- Kapag humihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong ipaalam na nais mong patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang nasa proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

- Kung hihilingin mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ang pagbawas o paghinto ng serbisyong iyong natatanggap, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Kailan Magkakaroon ng Desisyon Tungkol sa Desisyon hinggil sa Aking Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw bago makatanggap ng desisyon.

Maaari Ko Bang Mapabilis ang Pagkuha ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo ay makasasama sa iyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Maaari kang humiling ng isang Pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsulat mo ng isang liham o paghiling sa iyong general practitioner o propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na sumulat ng isang liham para sa iyo. Dapat kasama sa liham ang sumusunod na impormasyon:

1. Ipaliwanag nang detalyado kung paano maaaring lubhang makasama sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na antas ng kapasidad ang paghihintay nang hanggang 90 araw para madesisyunan ang iyong kaso.
2. Humiling ng “pinabilis na pagdinig” at magbigay ng sulat kasama ng iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Pag-aaralan ng Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado (State Hearings Division) ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado at aalamin kung nakaaabot ito sa mga pamantayan. Kung maaprubahan ang iyong kahilingan, mag-iiskedyul ng pagdinig, at magkakaroon ng desisyon sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na matanggap ng Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ang iyong kahilingan.

PAUNANG DIREKTIBA (ADVANCE DIRECTIVE)

Ano ang Paunang Direktiba?

May karapatan ka para sa isang paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaaring naririnig mo kung minsan na inilalarawan ang paunang direktiba bilang isang habilin para sa pangangalang medikal sakaling hindi ka na makapagsalita dahil sa karamdaman (living will) o karapatang gumanap bilang kinatawan mo sakaling mabaldado ka (durable power of attorney). Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo gustong maibigay ang pangangalagang pangkalusugan o ipinaalam kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo na kayang magsalita para sa iyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tumanggap o tumanggi sa medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong paghirang ng isang ahenteng (isang tao) magpapasya tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong mga indibidwal na instruksiyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Kailangang magkaroon ang iyong county ng isang programa para sa paunang direktiba. Kinakailangang magbigay ang iyong county ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga patakaran hinggil sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kung hihilingin ang impormasyong ito. Kung nais mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang numero ng telepono na nasa cover ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Maaari kang kumuha ng form para sa paunang direktiba mula sa iyong county o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga instruksiyon hinggil sa paunang direktiba para sa lahat ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa batas ng California hinggil sa mga kinakailangan para sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

**California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550**

MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN

Mga Tungkulin ng County

Ano ang Tungkulin ng aking County?

Tungkulin ng iyong county ang mga sumusunod:

- Alamin kung nakaaabot ka sa mga pamantayan upang maakses ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county o sa network ng mga tagapagkaloob nito.
- Magbigay ng pagsusuri o pagtatasa upang matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Magbigay ng libreng matatawagang numero ng telepono na sinasagot 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na makapagsasabi sa iyo kung paano makakuha ng mga serbisyo mula sa county. Nakalista ang numero ng telepono sa cover ng handbook na ito.
- Tiyaking may sapat na kalapit na mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali upang maakses mo ang mga serbisyong saklaw ng iyong county kung kinakailangan.
- Magbigay sa iyo ng impormasyon at edukasyon tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong county.
- Magbigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang wala kang babayaran, at kung kinakailangan, magbigay ng interpreter sa iyo nang libre.
- Magbigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong makuha sa ibang mga wika o alternatibong anyo tulad ng Braille o malalaking letra. Tingnan ang seksyon para sa “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na makikita sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Ipaalam sa iyo ang anumang mahahalagang pagbabago sa impormasyong nabanggit sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkabisa ang mga pagbabago. Itinuturing na mahalaga ang isang pagbabago kapag mayroong pagtaas o pagbaba sa dami o mga uri ng serbisyong ibinibigay, kung mayroong pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga tagapagkaloob sa network, o kung mayroong anumang iba pang pagbabago na makaaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa county.

- Tiyaking maikonekta ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa anumang iba pang mga plano o sistema na maaaring kailangan upang makatulong sa maayos na paglipat ng iyong pangangalaga. Kabilang dito ang pagtiyak na ang anumang mga referral para sa mga espesyalista o iba pang mga tagapagkaloob ay maayos na nasusubaybayan at ang bagong tagapagkaloob ay handang mag-alaga sa iyo.
- Tiyaking patuloy kang makakapagpatingin sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na wala sila sa iyong network, sa loob ng partikular na yugto ng panahon. Mahalaga ito kung ang pagpapalit ng tagapagkaloob ay makasasama sa iyong kalusugan o magpapataas ng posibilidad na kailanganin mong pumunta sa ospital.

Mayroon bang Magagamit na Transportasyon?

Kung nahihirapan kang pumunta sa iyong mga appointment na medikal o para sa kalusugan ng pag-uugali, tutulong ang programang Medi-Cal sa pag-aasikaso ng transportasyon para sa iyo. Dapat maglaan ng transportasyon para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi kayang makakuha ng sariling transportasyon at may medikal na pangangailangan para makatanggap ng mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal.

Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Hindi Medikal: transportasyon gamit ang pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan para makarating sa kanilang appointment.
- Medikal na Hindi Pang-emerhensiya: transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi kayang gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Mayroong transportasyon para sa mga biyahe papunta sa botika o para kumuha ng mga kinakailangang kagamitang medikal, prosthetics, orthotics, at iba pang kasangkapan.

Kung mayroon kang Medi-Cal ngunit hindi nakaenrol sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, at kailangan mo ng transportasyong hindi medikal papunta sa isang serbisyong may kaugnayan sa kalusugan, maaari kang direktang makipag-ugnayan sa tagapagkaloob ng transportasyong hindi medikal o sa iyong

tagapagkaloob para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, hihilingin nila ang impormasyon hinggil sa petsa at oras ng iyong appointment.

Kung kailangan mo ng transportasyong medikal na hindi pang-emerhensiya, maaaring magtalaga ang iyong tagapagkaloob ng transportasyong medikal na hindi pang-emerhensiya at ikonekta ka sa isang tagapagkaloob ng transportasyon para maisaayos ang iyong biyahe papunta at pabalik mula sa iyong (mga) appointment.

Para sa higit pang impormasyon at tulong hinggil sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang Aking mga Karapatan bilang Tumatanggap ng mga Serbisyo ng Medi-Cal para sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang makatanggap mula sa iyong county ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali na medikal na kinakailangan. Kapag nag-aakses ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, may karapatan kang:

- Tratuhan nang may personal na paggalang, at paggalang sa iyong dignidad at pribadong buhay.
- Makakuha ng malinaw at madaling maunawaang paliwanag tungkol sa mga opsyon sa paggamot na maaaring makuha.
- Makilahok sa mga desisyon na may kaugnayan sa iyong pangangalagang pangkalusugan para sa pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tumanggi sa anumang paggamot na ayaw mong matanggap.
- Makakuha ng handbook na ito para malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, mga obligasyon ng county, at iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya sa anumang klase ng pagpipigil o pagbubukod na ipinapataw bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng maagap na pag-akses sa pangangalaga 24/7 para sa mga kondisyong pang-emerhensiya, agaran, o may krisis kapag medikal na

kinakailangan.

- Kapag hiniling, makatanggap sa tamang oras ng mga nakasulat na materyales sa alternatibong mga format gaya ng Braille, malalaking letra, at audio format.
- Makatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado nito hinggil sa availability, kapasidad, koordinasyon, pagsaklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Ang county ay kailangang:
 - Mag-empleyo o magkaroon ng nakasulat na mga kontrata sa sapat na bilang ng mga tagapagkaloob upang matiyak na ang lahat ng kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay makatanggap ng mga ito sa tamang oras.
 - Magbigay ng pagsaklaw sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na wala sa network para sa iyo sa tamang oras, kung ang county ay walang empleyado o tagapagkaloob ng kontrata na maaaring maghatid ng mga serbisyo.

Paalala: Kailangang tiyakin ng county na wala kang karagdagang babayaran para sa pagpapatingin sa isang tagapagkaloob na wala sa network. Tingnan sa ibaba para sa higit pang impormasyon:

- *Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa kalusugan ng pag-uugali* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang pataas ay mga serbisyong makatwiran at kinakailangan upang protektahan ang buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o para maibsan ang matinding pangingirot. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o mas nagpapagaan sa isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- *Ang tagapagkaloob na wala sa network* ay isang tagapagkaloob na wala sa listahan ng mga tagapagkaloob sa county.
- Kapag hiniling mo, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang karagdagang gastos.
- Tiyaking sinanay ang mga tagapagkaloob na magbigay ng mga serbisyo

sa kalusugan ng pag-uugali na sinang-ayunang saklawin ng mga tagapagkaloob.

- Tiyaking ang mga saklaw na serbisyo ng county para sa kalusugan ng pag-uugali ay sapat ang dami, haba ng panahon, at sakop para matugunan ang mga pangangailangan ng mga kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at makatarungang ginagamit ang mga pamantayan sa pag-akses.
- Tiyaking ang mga tagapagkaloob nito ay nagsasagawa ng mga masusing pagtatasa at nakikipagtulungan sa iyo upang magtatag ng mga layunin sa paggamot.
- Itugma ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga o sa iyong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
- Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay sa lahat ng tao ng mga serbisyong may paggalang sa kultura, kabilang yaong mga may limitadong kasanayan sa Ingles at magkakaibang mga pinagmulang kultura at etniko.
- Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang nakasasamang pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas pampederal at pang-estado tulad ng:
 - Titulo VI ng 1964 na Batas hinggil sa Karapatang Pantao na ipinatutupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.
 - Ang 1975 na Batas hinggil sa Diskriminasyon batay sa Edad na ipinatutupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.
 - Ang 1973 na Batas hinggil sa Rehabilitasyon.
 - Titulo IX ng 1972 na Mga Pag-amyenda sa Edukasyon (tungkol sa mga programa at aktibidad sa edukasyon).
 - Titulo II at III ng Batas hinggil sa mga Amerikanong may Mga

Kapansanan.

- Seksyon 1557 ng Batas hinggil sa Proteksyon ng mga Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga.
- Maaaring mayroon kang mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado hinggil sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Para makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng mga Pasyente sa iyong county, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng paggamit ng numero ng telepono na nakalista sa cover ng handbook.

Mga Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo

Anong mga Karapatan ang Mayroon Ako Kung Tatanggihan ng County ang mga Serbisyong Gusto Ko o sa Tingin Ko ay Kailangan Ko?

Kung tatanggihan, lilimitahan, babawasan, ipagpapaliban, o wawakasan ng iyong county ang isang serbisyong sa tingin mo ay kailangan mo, may karapatan kang makatanggap ng nakasulat na abiso mula sa county. Ang abisong ito ay tinatawag na "Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination)". May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng paghiling ng apela. Ipinaaalam sa iyo sa mga seksyon sa ibaba ang tungkol sa Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo at kung ano ang gagawin kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county.

Ano ang Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo?

Ang Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo ay alinman sa mga sumusunod na aksyong isinagawa ng county:

- Ang pagtangi o limitadong pahintulot sa isang hiniling na serbisyo. Kabilang dito ang mga pagpapasya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, pasilidad, o pagiging epektibo ng isang saklaw na benepisyo;
- Ang pagbawas, pagsuspende, o pagwawakas ng isang dating awtorisadong serbisyo;
- Ang pagtangi, nang buo o ilang bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
- Ang pagkabigong magbigay ng mga serbisyo sa tamang oras;
- Ang pagkabigong kumilos sa loob ng mga itinakdang panahon para sa

karaniwang paglutas ng mga hinaing at apela. Ang mga itinakdang panahon ay ang mga sumusunod:

- Kung naghain ka ng hinaing sa county at hindi nakipag-ugnayan sa iyo ang county sa pamamagitan ng nakasulat na desisyon tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 30 araw.
- Kung naghain ka ng apela sa county at hindi nakipag-ugnayan sa iyo ang county sa pamamagitan ng nakasulat na desisyon hinggil sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
- Kung naghain ka ng pinabilis na apela at hindi ka nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtangga sa kahilingan ng isang miyembro na tutulan ang pananagutang pinansiyal.

Ano ang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo?

Ang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipadadala sa iyo ng iyong county kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, ipagpaliban, o wakasan ang mga serbisyong sa tingin mo at ng iyong tagapagkaloob ay dapat mong matanggap. Ipapaliwanag sa abiso ang prosesong ginamit ng county para magpasya at isasama ang isang paglalarawan ng mga pamantayan o alituntunin na ginamit upang matukoy kung medikal na kinakailangan ang serbisyo.

Kabilang dito ang pagtangga sa:

- Pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Mga paghahabol (claim) para sa mga serbisyong hindi nasaklaw.
- Mga paghahabol (claim) para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga paghahabol (claim) para sa mga serbisyo mula sa maling sistema ng paghahatid.
- Isang kahilingan para tutulan ang pananagutang pinansiyal.

Paalala: Ginagamit din ang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo upang ipaalam sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay

hindi naresolba sa oras, o kung hindi ka nakatanggap ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan sa iskedyul ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Panahon ng Pagpapadala ng Abiso

Kailangang ipadala ng county ang abiso sa pamamagitan ng koreo:

- Sa miyembro nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng paggawa ng hakbang para sa pagwawakas, pagsuspende, o pagbawas ng isang dating awtorisadong serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa desisyong tanggihan ang pagbabayad o mga desisyong nagresulta sa pagtanggì, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng hiniling na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Palagi Ba Akong Makatanggap ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakukuha ang mga Serbisyon Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo. Kung hindi ka nakatanggap ng abiso, maaari kang maghain ng apela sa county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng pag-apela, maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipaalam na nagkaroon ka ng negatibong desisyon kaugnay ng benepisyo ngunit hindi ka nakatanggap ng abiso. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito at dapat na makukuha rin sa opisina ng iyong tagapagkaloob.

Ano ang Ipaalam sa Akin sa Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo?

Ipaalam sa iyo sa Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng iyong county na nakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa kung kailan magkakabisa ang desisyon at ang dahilan ng desisyong ito.
- Kung ang dahilan ng pagtanggì ay dahil hindi medikal na kinakailangan ang serbisyo, isasama sa abiso ang isang malinaw na paliwanag kung bakit ito ang

napagpasyahan ng county. Kasama sa paliwanag na ito ang mga espesipikong medikal na dahilan kung bakit hindi itinuturing na medikal na kinakailangan para sa iyo ang serbisyo.

- Ang mga patakarang pang-estado o pampederal na pinagbatayan ng desisyon.
- Ang iyong mga karapatang maghain ng apela kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county.
- Kung paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, rekord, at iba pang impormasyon na may kaugnayan sa desisyon ng county.
- Kung paano maghain ng apela sa county.
- Kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasiyahan sa desisyon ng county hinggil sa iyong apela.
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung gaano katagal ka dapat maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong karapatang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka ng desisyon hinggil sa apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung babayaran ng Medi-Cal ang mga gastos sa mga serbisyong ito.
- Kung kailan mo kailangang maghain ng iyong apela o kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado kung nais mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo?

Kapag nakatanggap ka ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon sa abiso.

Kung hindi mo maunawaan ang abiso, maaari kang tulungan ng iyong county. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari mong hilinging maipagpatuloy ang serbisyong itinigil na kapag nagsumite ka ng apela o humiling para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kailangan mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo matapos ang petsa na namarkahan ng koreo o naipadala sa iyo ang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo, o bago ang petsa ng pagiging epektibo ng pagbabago.

Maaari Ko Bang Patuloy na Makuha ang Aking mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon hinggil sa Apela?

Oo, maaari mo pa ring patuloy na matanggap ang iyong mga serbisyo habang naghihintay ka ng desisyon. Nangangahulugan ito na maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong tagapagkaloob at makakuha ng pangangalagang kailangan mo.

Ano ang Kailangan Kong Gawin Para Patuloy na Makuha ang Aking mga Serbisyo?

Kailangan mong matupad ang mga sumusunod na kondisyon:

- Hihilingin mo na patuloy na makuha ang serbisyo sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula nang ipadala ng county ang Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo o bago ang petsa na sinabi ng county na ititigil ang serbisyo, alinmang petsa ang mas huli.
- Naghain ka ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng Abiso hinggil sa Negatibong Desisyon kaugnay ng Benepisyo.
- Ang apela ay may kinalaman sa paghinto, pagbawas, o pagsuspende ng isang serbisyong natatanggap mo na.
- Sumang-ayon ang iyong tagapagkaloob na kailangan mo ang serbisyo.
- Hindi pa natatapos ang yugto ng panahong naaprubahan na ng county para sa serbisyo.

Paano Kung Magpasya ang County na Hindi Ko Kailangan ang Serbisyo Matapos ang Apela?

Hindi ka oobligahing bayaran ang mga serbisyong natanggap mo habang nakabinbin ang apela.

Mga Tungkulin ng Miyembro

Ano ang aking mga tungkulin bilang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalagang maunawaan mo kung paano isinasagawa ang mga serbisyo ng county para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Mahalaga ring:

- Pumunta ka sa iyong pagpapagamot ayon sa naka-iskedyul. Makakamit mo ang pinakamagandang resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong tagapagkaloob na bumuo ng mga layunin para sa iyong pagpapagamot at sundin ang mga layuning iyon. Kung hindi mo kayang makarating sa isang appointment, tawagan ang iyong tagapagkaloob nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment, at muling magpaiskedyul para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at isang photo ID kapag pupunta sa iyong pagpapagamot.
- Ipaalam sa iyong tagapagkaloob kung kailangan mo ng interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob ang lahat ng iyong mga alalahaning medikal. Kapag mas kumpleto ang impormasyong ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang iyong pagpapagamot.
- Tiyaking magbigay ng anumang katanungan na mayroon ka sa iyong tagapagkaloob. Napakahalagang maunawaan mo nang lubos ang impormasyong matatanggap mo habang nagpapagamot.
- Tuparin ang mga nakaplanong hakbang ng pagkilos na pinagkasunduan ninyo ng iyong tagapagkaloob.
- Makipag-ugnayan sa county kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong tagapagkaloob na hindi mo kayang lutasin.
- Ipaalam sa iyong tagapagkaloob at county kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang impormasyong medikal na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.
- Pakitunguhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga kawaning nagbibigay sa iyo ng serbisyo sa paggamot.
- Kung may hinala ka na mayroong pandaraya o maling gawain, iulat ito:

- Hinihiling ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) sa sinumang nag-aakalang may nangyayaring pandaraya, pagwawaldas, o pang-aabuso sa Medi-Cal na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emerhensiya, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at maaaring hindi magbigay ng pangalan.
- Maaari mo ring iulat ang inaakalang pandaraya o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

Kailangan Ko Bang Magbayad para sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad ng kahit ano para sa mga serbisyong medikal o para sa kalusugan ng pag-uugali. Sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong medikal at/o para sa kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng perang iyong nakukuha o kinikita bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo na kailangang magbayad para sa mga serbisyong medikal o para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Kung ang iyong kita ay higit sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kakailanganin mong magbayad para sa iyong mga serbisyong medikal o para sa kalusugan ng pag-uugali. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong 'bahagi sa gastos'. Kapag nabayaran mo na ang iyong 'bahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitirang bahagi ng iyong nasasaklaw na mga gastusin sa pagpapagamot para sa buwang iyon. Sa mga buwang wala kang mga gastusing medikal, hindi mo kailangang magbayad ng anuman.
- Maaaring kailanganin mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na magbabayad ka ng halagang huhugutin sa sariling bulsa sa tuwing kukuha ka ng serbisyong medikal o pupunta sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.
- Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagkaloob kung kailangan mong magbayad ng co-payment.

ABISO HINGGIL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Ang County ng San Diego ay sumusunod sa mga batas sa karapatang pantao ng Estado at Pederal na pamahalaan. Ang County ng San Diego ay hindi lumalabag sa batas na may kaugnayan sa diskriminasyon, eksklusyon, o naiibang pakikitungo sa mga tao dahil sa sekso, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong seksuwal.

Ang County ng San Diego ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang makipag-ugnayan nang mas mabuti, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malaking letra, braille, audio o naaakses na mga elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Access and Crisis Line 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa (888) 724-7240. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711. Kapag hiniling, ang dokumentong ito ay maaari mong makuha sa braille, malalaking letra, audio, o naaakses na mga elektronikong format.

PAANO MAGHAIN NG HINAING

Kung sa tingin mo ay nabigo ang County ng San Diego na magbigay ng mga serbisyong ito o lumabag sa batas sa ibang paraan dahil sa sekso, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal,

impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong seksuwal, maaari kang maghain ng hinaing sa mga sumusunod na mga ahensiyang tagapagtaguyod. Maaari kang maghain ng hinaing sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, nang personal, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono:
 - Para sa tulong sa paghahain hinggil sa **mga serbisyong pang-inpatient at/o pang-residensiyal na pasilidad**, maaari mong tawagan ang **Programa para sa Pagtaguyod sa mga Pasyente (Patient's Advocacy Program) ng Jewish Family Service (JFS)** sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.
 - Para sa tulong sa paghahain hinggil sa **mga serbisyong pang-outpatient**, maaari mong tawagan nang libre ang **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa (877) 734-3258 (TTY 1-800-735-2929).
 - O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.
- Pagsulat: Punan ang isang form para sa hinaing o sumulat ng liham at ipadala ito sa:
 - **Para sa mga Serbisyong Pang-inpatient at/o Pang-residensiyal na Pasilidad:**

Jewish Family Service of San Diego
Joan & Irwin Jacobs Campus
Turk Family Center Community Services Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123
 - **Para sa mga Serbisyong Pang-outpatient:**

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110
- Personal: Pumunta sa opisina ng iyong doktor o saanmang pasilidad ng kinontratang tagapagkaloob ng County ng San Diego at sabihing nais mong maghain ng hinaing.
- Elektronikong Paraan: Puntahan ang mga sumusunod na website na nasa ibaba:

- **Para sa mga Serbisyong Pang-inpatient at/o Pang-residensiyal na Pasilidad:**
Jewish Family Service of San Diego sa <https://www.jfssd.org/our-services/adults-families/patient-advocacy/>
- **Para sa mga Serbisyong Pang-outpatient:**
Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa <https://www.lasds.org/mental-health-and-substance-abuse-patients-rights/>

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG PANTAO (OFFICE OF CIVIL RIGHTS) – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA (CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES)

Maaari ka ring maghain ng hinaing hinggil sa mga karapatang pantao sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Pagsulat: Punan ang isang form para sa hinaing o magpadala ng liham sa:
Department of Health Care Services - Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Ang mga form para sa hinaing ay makukuha sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>

- Elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG PANTAO (OFFICE OF CIVIL RIGHTS) – KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG ESTADOS UNIDOS (U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES)

Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng hinaing hinggil sa karapatang pantao sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos, Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao (U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights) sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Pagsulat: Punan ang isang form para sa hinaing o magpadala ng liham sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

- Ang mga form para sa hinaing ay makukuha sa:
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.
- Elektronikong paraan: Puntahan ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa
<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>

ABISO HINGGIL SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

Mayroong makukuhang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng county para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng mga medikal na rekord, at ibibigay ito sa iyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa tamang edad na at may kakayahang magbigay ng pahintulot para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o magsumite ng paghahabol para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Maaari mong hilingin sa iyong county na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa iba pang mailing address, email address, o numero ng telepono na gusto mo. Tinatawag itong "kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon." Kung pumayag ka sa pangangalaga, hindi magbibigay sa sinuman ang county ng impormasyon hinggil sa iyong mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang county ng mga komunikasyong nakapangalan sa iyo sa address o numero ng telepono na nasa file.

Igagalang ng county ang iyong mga kahilingan para makakuha ng mga kumpidensiyal na komunikasyon batay sa form at format na iyong hiniling. O titiyakin nilang madaling ilagay sa form at format na iyong hiniling ang iyong mga komunikasyon. Ipadadala ang mga ito ng county sa ibang lokasyong gusto mo. Mananatili ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensiyal na komunikasyon.

Makikita ang impormasyon kung paano humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon sa Optum Beneficiary & Families page ng County San Diego Behavioral Health Plan:

https://www.optumsandiego.com/content/SanDiego/sandiego/en/beneficiary_and_families.html under the section titled "Patient Access API and Member Data Access (DMC-ODS & SMHS)"

Puntahan ang sumusunod na link para maakses ang Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado (Notice of Privacy Practices, NPP) ng County sa lahat ng pangunahing wikang ginagamit:

https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/sd/compliance_office/resources/privacy/npp.html

MGA SALITANG DAPAT MALAMAN

988 Suicide and Crisis Lifeline: Isang numero ng telepono na nagbibigay ng libre at kumpidensiyal na suporta para sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugang pangkaisipan, kabilang ang mga nag-iisip na magpatiwakal. Ito ay available 24/7 upang ikonekta ang mga tumatawag sa mga sinanay na tagapayo na maaaring makapagbigay ng tulong at suporta.

Hukom ng batas na pang-administratibo: Isang hukom na dumirinig at nagpapasya sa mga kaso na may kaugnayan sa mga negatibong desisyon kaugnay ng benepisyo.

American Society of Addiction Medicine (ASAM): Isang propesyonal na medikal na samahang kumakatawan sa mga doktor at iba pang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na dalubhasa sa paggamot ng adiksiyon. Ang organisasyong ito ay gumawa ng mga Pamantayan ng ASAM (ASAM Criteria), na nagsisilbing pambansang pamantayan para sa paggamot ng adiksiyon.

Paglutas ng apela: Ang proseso ng paglutas ng hindi pagsang-ayon mo sa isang desisyong ginawa ng county tungkol sa pagsaklaw sa isang hiniling na serbisyo. Sa madaling salita: Ito ang paraan para muli mong masuri sa pangalawang pagkakataon ang isang desisyong hindi ka sang-ayon.

Mga Application Programming Interface (API): Ang mga API ay parang mga messenger na nagbibigay-daan sa iba't ibang software program para "makipag-usap" sa isa't isa at magbahagi ng impormasyon.

Pagtatasa: Isang aktibidad ng serbisyo na idinisenyo para suriin ang kasalukuyang kalagayan ng kalusugang pangkaisipan, emosyonal, o kalusugan ng pag-uugali.

Pahintulot: Pagbibigay ng permiso o pag-apruba.

Awtorisadong kinatawan: Isang taong legal na pinahihintulutang kumatawan sa iba pang tao.

Kalusugan ng Pag-uugali: Tumutukoy sa ating emosyonal, sikolohikal, at panlipunang kapakanan. Sa madaling salita, ito ay tungkol sa kung paano tayo mag-isip, makaramdam, at makitungo sa iba.

Mga benepisyo: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamot na saklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

Benefits Identification Card (BIC): Isang ID card para beripikahin ang iyong segurong pangkalusugan sa Medi-Cal.

Mga Serbisyo para sa Koordinasyon ng Pangangalaga (Koordinasyon ng Pangangalaga): Tumutulong sa mga tao na maunawaan at maakses ang sistema sa pangangalagang pangkalusugan.

Tagapag-alaga: Isang taong nagbibigay ng pangangalaga at suporta sa ibang taong nangangailangan ng tulong.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nars o social worker na maaaring tumulong sa isang miyembro na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at mag-asikaso ng kanilang pangangalaga sa mga tagapagkaloob ng miyembro.

Pamamahala ng kaso: Ito ay isang serbisyo para tulungan ang mga miyembro na maakses ang mga kinakailangang serbisyong medikal, pang-edukasyon, panlipunan, pang-rehabilitasyon, o iba pang mga serbisyong pangkomunidad. Sa madaling salita, nakatutulong ito sa mga tao na makuha ang pangangalaga at suportang kailangan nila.

CHIP (Children's Health Insurance Program): Isang programa ng pamahalaan na tumutulong sa mga pamilya na makakuha ng segurong pangkalusugan para sa kanilang mga anak kung hindi nila ito kayang bayaran.

Tagapangasiwa sa mga Karapatang Pantao: Tinitiyak na ang isang organisasyon (gaya ng paaralan, kumpanya, o ahensiya ng pamahalaan) ay sumusunod sa mga batas na nagpoprotekta sa mga tao laban sa diskriminasyon.

Nakatuon sa Kliyente: Isang bagay na nakapokus sa mga pangangailangan at kagustuhan ng kliyente.

Mga organisasyong nakabase sa komunidad: Mga grupo ng mga taong nagtutulong para mapabuti ang kanilang komunidad.

Community-based adult services (CBAS): Pang-outpatient, dalubhasang pangangalagang isinasagawa sa isang pasilidad, mga serbisyong panlipunan, mga terapiya, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-

alaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Pagtitiyak na hindi na kritikal ang kondisyon na nakabatay sa komunidad:

Tumutulong sa mga taong nakararanas ng krisis sa kalusugang pangkaisipan para makakuha ng suporta sa loob ng kanilang sariling komunidad sa halip na pumunta sa ospital.

Pagpapatuloy ng serbisyo: Tingnan ang pagpapatuloy ng pangangalaga.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano para patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang tagapagkaloob na wala sa network nang hanggang 12 buwan kung magkasundo ang tagapagkaloob at county.

Itinakdang halaga (co-pay): Isang bayaring ibinibigay ng isang miyembro, karaniwan sa oras ng serbisyo, bukod pa sa bayad ng taga-seguro.

Mga Saklaw na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal na pananagutang bayaran ng county. Ang mga saklaw na serbisyo ay nakabatay sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at eksklusyon sa kontrata ng Medi-Cal, anumang pag-amyenda sa kontrata, at kung ano ang nakalista sa Handbook na ito para sa Miyembro (na kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensiya ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form para sa Pagsisiwalat (Disclosure Form).

Mga serbisyong may paggalang sa kultura: Pagbibigay ng mga serbisyong may paggalang at nakatutugon sa kultura, wika, at mga paniniwala ng isang tao.

Itinalagang mahalagang (mga) taong tagasuporta: (Mga) taong sa tingin ng miyembro o ng tagapagkaloob ay mahalaga sa tagumpay ng paggamot. Maaaring kabilang dito ang mga magulang o legal na tagapangalaga ng isang menor de edad, sinumang nakatira sa iisang sambahayan, at iba pang mga kamag-anak ng miyembro.

DHCS: Ang California Department of Health Care Services (Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan). Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programang Medi-Cal.

Diskriminasyon: Ang hindi patas o hindi pantay na pagtrato sa isang tao batay sa kanilang lahi, kasarian, relihiyon, oryentasyong seksuwal, kapansanan, o iba pang mga katangian.

Maaga at pana-panahong pagsusuri, diagnosis, at paggamot (Early and periodic screening, diagnostic, and treatment, EPSDT): Puntahan ang “Medi-Cal para sa Mga Bata at Tinedyer” (Medi-Cal for Kids and Teens).

Mga serbisyong paggamot na pampamilya: Nagbibigay ng suporta at paggamot sa mga bata at kanilang mga pamilya upang matugunan ang mga hamon sa kalusugang pangkaisipan sa loob ng tahanan.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo para maiwasan o maantala ang pagbubuntis. Ang mga serbisyong ibinibigay sa mga miyembrong nasa edad nang mabuntis para malaman nila ang bilang at agwat ng mga bata.

Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal: Sistema ng pagbabayad kung saan ang mga tagapagkaloob ng serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ay binabayaran para sa bawat indibidwal na serbisyong ibinibigay nila sa pasyente, sa halip na buwanan o taunang bayad bawat pasyente. Sakop ang Medi-Cal Rx sa ilalim ng programang ito.

Pananagutang pinansiyal: Pagiging responsable sa pagbabayad ng utang o bayarin.

Foster home: Isang sambahayang nagbibigay ng 24 na oras na kahaliling pangangalaga para sa mga batang nahiwalay sa kanilang mga magulang o tagapangalaga.

Pandaraya: Isang sinadyang gawain ng isang tao para manlinlang o magbigay ng maling impormasyon bagama't batid nito na ang panlilinlang o pagsasabi ng hindi totoo ay maaaring magdulot ng ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa kanilang sarili o sa ibang tao.

Komprehensibong pagsaklaw ng Medi-Cal: Libre o murang pangangalagang pangkalusugan para sa mga tao sa California na nagbibigay ng higit pa sa pang-emerhensiyang pangangalagang pangkalusugan lamang. Nagbibigay ito ng pangangalagang medikal, dental, kalusugang pangkaisipan, pagpapalano ng pamilya, at pangangalaga sa paningin. Saklaw din nito ang paggamot kaugnay ng pag-inom ng alak at paggamit ng droga, gamot na inirereseta ng iyong doktor, at higit pa.

Hinaing: Berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan ng isang miyembro hinggil sa isang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga, isang county, o isang tagapagkaloob ng Medi-Cal. Ang hinaing ay pareho sa isang reklamo.

Tagapangalaga: Isang taong may legal na pananagutan sa pag-aalaga at kapakanan ng ibang tao, karaniwan ay isang bata o isang taong hindi kayang pangalagaan ang kanilang sarili.

Ospital: Isang lugar kung saan ang isang miyembro ay tumatanggap ng pangangalagang pang-inpatient at pang-outpatient mula sa mga doktor at nars.

Pagpapaospital: Pagpasok sa ospital para sa pagpapagamot bilang isang inpatient.

Indian Health Care Providers (IHCP): Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Indian Health Service (IHS), isang Tribo ng mga Indian (Indian Tribe), Programang Pangkalusugan ng Tribo (Tribal Health Program), Organisasyong Pang-tribo (Tribal Organization) o Urban Indian Organization (UIO), itong mga termino ay inilalarawan sa Seksyon 4 ng Batas sa Pagpapabuti ng Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Indian (Indian Health Care Improvement Act) (25 U.S.C. seksyon 1603).

Paunang Pagtatasa: Isang pagsusuri sa miyembro upang malaman ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan o paggamot sa problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Detoxification na Pang-inpatient: Isang boluntaryong serbisyo para sa kagyat na pangangalagang (acute care) medikal para sa detoxification ng mga miyembrong mayroong malubhang medikal na komplikasyong may kaugnayan sa mga sintomas ng paghinto sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak.

Integrated Core Practice Model: Isang gabay na nagbabalangkas sa mga pinahahalagahan, pamantayan, at kasanayan sa pagtulong sa mga bata, kabataan, at pamilya sa California.

Lisensiyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan: Sinumang tagapagkaloob na may lisensiya alinsunod sa naaangkop na batas ng Estado ng California gaya ng mga sumusunod: lisensiyadong manggagamot, lisensiyadong

sikologo, lisensiyadong clinical social worker, lisensiyadong propesyonal na clinical counselor, lisensiyadong therapist para sa mga mag-asawa at pamilya, rehistradong nars, lisensiyadong bokasyonal na nars, lisensiyadong technician pang-sikayatriko.

Lisensiyadong ospital pang-sikayatriko: Isang pasilidad para sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan na may lisensiya upang magbigay ng 24 na oras na pang-inpatient na pangangalaga para sa mga taong may problemang pangkaisipan, walang kakayahan, o nagiging panganib sa kanilang sarili o sa ibang tao.

Lisensiyadong residensiyal na pasilidad: Mga pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyong hindi medikal sa mga nasa hustong gulang na nagpapagaling mula sa mga problemang may kaugnayan sa maling paggamit o pag-abuso sa alak o iba pang droga (alcohol or other drugs, AOD).

Plano sa pinamamahalaang pangangalaga: Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, botika, at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakaenrol sa planong iyon.

Medi-Cal: Ang bersiyon ng California sa pederal na programang Medicaid. Nagbibigay ang Medi-Cal ng libre at murang pagsaklaw sa kalusugan sa mga kwalipikadong taong naninirahan sa California.

Medi-Cal para sa Mga Bata at Tinedyer: Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang matulungan silang manatiling malusog. Dapat sumailalim ang mga miyembro sa mga tamang check-up pangkalusugan para sa kanilang edad at mga naaangkop na pagsusuri upang matukoy ang mga problemang pangkalusugan at magamot nang maaga ang mga karamdaman. Kailangan silang magpagamot para mapangalagaan o matulungan ang mga kondisyong maaaring matuklasan sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnosis, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment, EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Medi-Cal Peer Support Specialist: Isang indibidwal na may personal na karanasan sa mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali o pagkagumon sa droga o alak at nasa proseso ng paggaling, nakumpleto ang mga kinakailangan ng programang sertipikasyon na aprubado ng Estado ng isang county, at nagbibigay ng mga

serbisyong ito sa ilalim ng direksiyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensiyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.

Medi-Cal Rx: Isang benepisyong serbisyo ng botika na bahagi ng FFS Medi-Cal at tinatawag na "Medi-Cal Rx" na nagbibigay ng mga benepisyong serbisyo ng botika, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang mga medikal na suplay sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay, maiwasan ang malubhang sakit o malubhang kapansanan, o maibsan ang matinding pangigingirot. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung maitatama o mapapabuti ang isang sakit o kondisyong pangkaisipan na natuklasan ng isang serbisyong pagsusuri.

Pagbibigay-lunas sa Tulong ng Gamot (Medication Assisted Treatment, MAT): Ang paggamit ng mga gamot na aprobadong FDA kasama ng pagpapayo o mga terapiya sa pag-uugali upang makapagbigay ng isang pamamaraang isinasaalang-alang ang "kabuuang pagkatao ng pasyente" para sa paggamot sa problema sa pagkagumon sa droga o alak.

Miyembro: Isang indibidwal na nakaenrol sa programang Medi-Cal.

Krisis sa kalusugang pangkaisipan: Kapag ang isang tao ay nakararanas ng sitwasyon kung saan ang kanilang mga pag-uugali o sintomas ay naglalagay sa kanilang sarili o sa ibang tao sa panganib at nangangailangan ng agarang atensiyon.

Plano sa kalusugang pangkaisipan: Ang bawat county ay mayroong plano sa kalusugang pangkaisipan na may tungkuling magbigay o magsaayos ng mga serbisyong espesyalisado kaugnay ng kalusugang pangkaisipan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa kanilang county.

Network: Isang pangkat ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang mga tagapagkaloob na kinontrata ng county para magbigay ng pangangalaga.

Transportasyong hindi medikal na pang-emerhensiya: Transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga walang kakayahang gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Hindi medikal na transportasyon: Transportasyon kapag naglalakbay papunta at pabalik mula sa isang appointment para sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal na inaprubahan ng tagapagkaloob ng miyembro, at kapag kukuha ng mga reseta at medikal na suplay.

Tanggapan ng Ombudsman: Tumutulong sa paglutas ng mga problema mula sa isang neutral na pananaw upang matiyak na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng medikal na kinakailangan at saklaw na mga serbisyo kung saan ang mga plano ay may pananagutan ayon sa kontrata.

Alternatibong pangangalagang wala sa sariling tahanan (out-of-home placement): Isang pansamantala o permanenteng paglipat ng isang bata mula sa kanilang tahanan patungo sa isang mas ligtas na kapaligiran gaya ng isang pamilyang magtataguyod (foster family) o pasilidad na panggrupo.

Tagapagkaloob na wala sa network: Isang tagapagkaloob na hindi bahagi ng kinontratang network ng county.

Huhugutin sa sariling bulsa: Isang personal na gastusin ng miyembro para makatanggap ng mga saklaw na serbisyo. Kabilang dito ang mga premium, copay, o anumang karagdagang gastusin para sa mga saklaw na serbisyo.

Mga serbisyong pang-outpatient para sa kalusugang pangkaisipan: Mga serbisyong pang-outpatient para sa mga miyembrong may banayad hanggang katamtamang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan kabilang ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugang pangkaisipan (psychotherapy)
- Pagsusuring sikolohikal kapag may medikal na basehan para suriin ang isang kondisyon sa kalusugang pangkaisipan
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa pagmomonitor sa terapiya gamit ang gamot
- Pagsangguning sikyatriko
- Laboratoryo, mga suplay, at mga suplementong pang-outpatient

Kalahok na tagapagkaloob (o kalahok na doktor): Isang doktor, ospital, o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad na pangkalusugan, kabilang ang mga pasilidad na sub-acute na may kontrata sa county para magbigay ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa oras na makatanggap ng pangangalaga ang isang miyembro.

Pagbuo ng plano: Isang aktibidad ng serbisyo na may kinalaman sa pagbuo ng mga plano ng kliyente, pag-apruba ng mga plano ng kliyente, at/o pagmomonitor sa pag-unlad ng isang miyembro.

Mga inireresetang gamot: Isang gamot na may kinakailangang utos ayon sa batas mula sa isang lisensiyadong tagapagkaloob para maibigay, hindi tulad ng mga over-the-counter ("OTC") na gamot na hindi kailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Kilala rin bilang "kinagawiang pangangalaga". Ito ay mga serbisyong medikal na kinakailangan at pag-iingat na pangangalaga (preventive care), mga pagsusuri para sa maayos na kalagayan ng bata, o pangangalagang gaya ng kinagawiang pangangalagang pagsusubaybay. Ang layunin ng mga serbisyong ito ay para maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

Primary care provider (PCP): Ang lisensiyadong tagapagkaloob ng isang miyembro para sa karamihan ng kanilang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan nila. Ang PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN
- Indian Health Care Provider (IHCP)
- Federally Qualified Health Center (FQHC)
- Rural Health Clinic (RHC)
- Nurse practitioner
- Katuwang ng doktor (Physician assistant)
- Klinika

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ang isang miyembro o kanilang tagapagkaloob ay kailangang humiling ng pag-apruba mula sa county para sa ilang partikular na serbisyo upang matiyak na babayaran ng county ang mga ito. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang pahintulot ay kapareho ng paunang pag-apruba.

Paglutas ng problema: Ang prosesong nagbibigay-daan sa isang miyembro na lutasin ang isang problema o alalahanin tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga tungkulin ng county, kabilang ang paghahatid ng mga serbisyo.

Direktoryo ng mga tagapagkaloob: Isang listahan ng mga tagapagkaloob sa network ng county.

Kondisyong medikal na emerhensiyang pang-sikayatriko: Isang karamdamang pangkaisipan na malala o malubha na para magdulot ng kagyat na panganib sa miyembro o sa iba pa o hindi na agad nagagawang tugunan ng miyembro ang pangangailan sa pagkain, tirahan, o kasuotan dahil sa karamdamang pangkaisipan.

Pagsusuring sikolohikal: Isang pagsusuring nakatutulong para maunawaan ang mga iniisip, pakiramdam, at pag-uugali ng isang tao.

Referral: Kapag sinabi ng PCP ng isang miyembro na maaaring makakuha ng pangangalaga ang miyembro mula sa ibang tagapagkaloob. Kailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa ilang saklaw na mga serbisyo sa pangangalaga.

Mga serbisyo at aparato sa terapiya para sa rehabilitasyon at pagbuo o pagpapanatili ng mga kasanayan: Mga serbisyo at aparato para tulungan ang mga miyembrong may mga pinsala, kapansanan, o malalang kondisyon upang makamit o mapanumbalik ang mga kasanayang pangkaisipan at pisikal.

Mga serbisyo para sa pansamantalang matitirhan: Nagbibigay ng pansamantalang matitirhan at suporta sa mga taong walang tirahan o nakararanas ng krisis sa pabahay.

Pagsusuri: Isang mabilisang pagsusuri na isinasagawa upang matukoy ang mga pinakaangkop na serbisyo.

Bahagi sa gastos: Ang halaga ng perang dapat bayaran ng isang miyembro para sa kanilang mga gastusing medikal bago bayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo.

Mga malubhang suliraning emosyonal (mga problema): Tumutukoy sa isang matinding problema sa pag-iisip, pag-uugali, o emosyonal sa mga bata at kabataan na nakasagabal sa kanilang kakayahang kumilos sa bahay, paaralan, o sa komunidad.

Dalubhasa (o espesyalistang doktor): Isang doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng isang orthopedic surgeon ang mga nabaling buto; ginagamot ng isang allergist ang mga alerdyi; at ginagamot ng isang cardiologist ang mga problema sa puso. Kadalasan, kakailanganin ng isang miyembro ang referral mula sa kanilang PCP para pumunta sa isang espesyalista.

Mga serbisyong espesyalisado kaugnay ng kalusugang pangkaisipan (Specialty mental health services, SMHS): Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

Nakabatay sa mga kalakasan: Pagtingin sa kung ano ang kayang gawin ng isang tao, sa halip na magtuon lamang sa kanilang mga problema.

Mga serbisyo para sa problema sa pagkagumon sa droga o alak: Mga serbisyong tumutulong sa mga taong nahihirapan sa adiksiyon sa droga o alak.

Telehealth: Isang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga impormasyon at teknolohiyang pangkomunikasyon upang mapadali ang pangangalagang pangkalusugan ng isang pasyente.

Trauma: Isang matinding emosyonal at sikolohikal na pagkabahala na dulot ng pagdanas o pagsaksi sa isang nakakatakot na pangyayari.

Mga serbisyong espesyalisado na may pag-unawa sa trauma kaugnay ng kalusugang pangkaisipan: Batid ng mga serbisyong ito na marami sa mga taong nahihirapan sa mga problema sa kalusugang pangkaisipan ay nakaranas na ng trauma, at nagbibigay sila ng pangangalagang sensitibo at sumusuporta sa mga taong nagka-trauma.

Plano ng Paggamot: Isang plano para matugunan ang mga pangangailangan ng isang miyembro at mamonitor ang pag-unlad upang maibalik ang pinakamahusay na posibleng antas ng kapasidad ng miyembro.

TTY/TDD: Mga aparatong tumutulong sa mga taong may kapansanan sa pandinig, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita para makatawag at makatanggap ng mga tawag sa telepono. Ang ibig sabihin ng TTY ay “Teletypewriter”. Ang ibig sabihin ng TDD ay “Telecommunications Device for the Deaf”.

Mga serbisyong bokasyonal: Mga serbisyong tumutulong sa mga tao para makahanap at makapanatili ng mga trabaho.

Waitlist: Isang listahan ng mga taong naghihintay sa isang bagay na wala pang makuha sa kasalukuyan ngunit maaaring magkaroon sa hinaharap.

Maayos na paglilipat ng responsibilidad: Isang maayos na paglipat ng pangangalaga mula sa isang tagapagkaloob patungo sa isa pa.

KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG COUNTY

Karagdagang Impormasyon na Espesipiko sa County

Ang mga sumusunod na serbisyo ay itinuturing na opsyonal para sa mga kalahok na county, ibinibigay ng County ng San Diego ang mga serbisyong ito na nakalista sa ibaba:

Mga Serbisyong Espesyalisado kaugnay ng Kalusugang Pangkaisipan

- Mga Serbisyong Suporta sa Kapwa ng Medi-Cal o (Medi-Cal Peer Support Services)
- Assertive Community Treatment (ACT)
- Forensic Assertive Community Treatment (FACT)
- Coordinated Specialty Care (CSC) para sa First Episode Psychosis (FEP)
- Mga Serbisyo ng Clubhouse
- Pinahusay na Mga Serbisyo ng Manggagawang Pangkalusugan ng Komunidad (Enhanced Community Health Worker, CHW)
- Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho
- Mga Serbisyo para sa mga Namamalagi sa Pasilidad

Mga Serbisyo ng DMC-ODS (Drug Medi-Cal Organized Delivery System)

- Mga Serbisyong Suporta sa Kapwa ng Medi-Cal o (Medi-Cal Peer Support Services)
- Mga Serbisyo para sa Paggamot sa pamamagitan ng mga Insentibo (Contingency Management Services)
- Pinahusay na Mga Serbisyo ng Manggagawang Pangkalusugan ng Komunidad (Enhanced Community Health Worker, CHW)
- Suportadong Paghahanap at Pagpapanatili ng Trabaho

Tingnan ang seksyong “Saklaw ng mga Serbisyo” para mabasa ang kumpletong mga paglalarawan tungkol sa mga serbisyong ito.